*MALAY 35(2) Hunyo 2023, pp. 103–123*

# Politika ng Sandali sa #dagli19: Ang Naratibo ng Lockdown sa Espasyo ng Social Media /

# *The Politics of Moment in #dagli19: Lockdown Narrative in the Social Media Space*

Jomar G. Adaya
Polytechnic University of the Philippines
jgadaya@pup.edu.ph

Sa panahon ng pag-igting ng ipinatupad na *lockdown* noong Abril 2020, naglunsad ng patimpalak at adbokasiya ang Foundation AWIT (Advanced Wellness, Instruction, and Talents, Inc.) at *Rappler* na naglalayong maitala ang mga kuwento ng danas sa pandemya gamit partikular ang anyo na dagli na limitado lamang sa labing-siyam (19) na salita. Ang ikli na itinatakda rito ay nakaugat sa konteksto ng krisis sa pademya, at maging sa pag-usbong at pagiging popular ng dagli sa espasyo ng pahayagan at gayundin sa ekonomiya ng salita bunsod ng pagtitipid sa panahon, limitasyon sa espasyo at mambabasang laging nagmamadali. Batay sa panuntunan sa paglahok, bukod sa bubuuin ng 19 na salita lamang ang akda, kailangang i-post ito sa *Facebook* sa buong buwan ng Abril 2020 gamit ang #dagli19. Sa ganitong konteksto, nilayon ng papel na makilatis ang naratibo ng lockdown at politika ng sandali sa anyo ng #dagli19 sa *Facebook*. Gamit ang *theory of moment* ni Henri Lefevbre, tinangkang maitanghal ang kapasidad ng social media bilang espasyo ng politikal na sandali na mababakas sa anyo ng panitikan na nagsisilbing ahensiya sa pagtatala ng kolektibong danas, at sityo ng politikal na diskurso sa panahon ng krisis. Para masipat ang ekonomiya ng salita at madiskurso ang sandali, ginamit ang *web-based tool* na Voyant-tools para magkaroon ng pangkalahatang tanaw sa pili at dalas ng mga salitang ginamit sa mga dagli. Binibigyang diin sa papel ang mahigpit na ugnayan ng sandali at dagli kaugnay partikular sa paghabi ng naratibo ng lockdown sa social media.

**Mga Susing Salita:** dagli; lockdown; pandemya; social media; teorya ng sandali

*Amidst the strict lockdown measures in April 2020, the Foundation AWIT (Advanced Wellness, Instruction, and Talents, Inc.) and Rappler co-organized an advocacy-based writing competition, which aimed to chronicle lived experiences during the pandemic using a specific form of dagli (i.e., flash or flash fiction) that was limited to 19 words. Such required brevity was premised on the context of the pandemic crisis, and on the emergence and popularization of dagli, which has found its niche or space in several publications. This word economy also accords to the needs to compete with or save time, to utilize a limited space, and to keep up with readers who want something instant. Apart from the 19-word-limit rule, the contest guidelines likewise required participants to post their work on Facebook for the entirety of April 2020 using the #dagli19. Within this context, this paper aims to examine the lockdown narrative and the politics of moment through the #dagli19 on*

Copyright © 2023 by De La Salle University

*Facebook. Anchored in Henri Lefevbre's theory of moment, the analysis attempts to uncover the capacity of social media as a space for the politics of moment where dagli as a literary genre serves both as an agent for narrating collective experiences and as a site for political discourses in crisis moments. In analyzing word economy and discussing the notion of moment, a web-based tool called Voyant-tools was employed to have a general view of the dagli and to determine the frequency of words used in these pieces. This paper accentuates the inextricable link between moment and dagli, particularly in weaving the lockdown narrative into social media.*

***Keywords:*** *flash fiction; lockdown; pandemic; social media; theory of moment*

## PANIMULA

Bunsod ng patuloy na pagtaas ng mga kaso ng Covid-19 sa Pilipinas noong buwan ng Abril 2020, lalong pinaigting at pinalawig ang pagpapatupad ng lockdown partikular sa Luzon. Sa tala ng Kagawaran ng Kalusugan noong Marso 30, 2020, mayroon nang 1,546 na kumpirmadong kaso ng Covid-19 at patuloy ang pagtaas ng kaso kada linggo (World Health Organization). Kaugnay nito, sa kasunod na linggo, naglabas ng memorandum ang Opisina ng Pangulo ng Pilipinas noong Abril 7, 2020 na nagpapalawig sa pagpapatupad ng Enhanced Community Quarantine sa buong Luzon hanggang Abril 31, 2020 (Office of the President of the Philippines)—at alam nating lahat, na magpapatuloy ito at lalo pang magiging kumplikado ang mga kategorya ng lockdown hanggang sa sumunod na mga taon.

Dahil sa pagkalimita sa kilos ng mga tao, mistulang naging alternatibong espasyo ang social media partikular ang *Facebook* upang maitala ang mga naratibo ng pang-araw-araw na buhay-lockdown ng mga Pilipino. Lumikha ang kondisyong ito ng mga sandali o *moment* na nabibigyang tinig sa anyo ng mga post sa social media. Lalong bumabad sa social media ang mga Pilipino, na sa katunayan sa ikatlong quarter ng 2020, nanguna ang Pilipinas sa mga bansa sa tagal ng inilalaang oras sa social media. Sa pag-aaral ng Statista ay tinatayang nasa 4.15 oras ang inilalaang panahon sa social media ng mga Pilipino kada araw. Samakatwid, ang paglalayo-layo sa pisikal na espasyo bunsod ng lockdown ay napupunan sa isang banda ng lalong pinaigting na hugpungan sa bagong midya tulad ng *Facebook*.

Sa panahon ng krisis, malaki ang ginagampanang papel ng sining hindi lamang para sa layunin ng pagpapalaganap ng wastong impormasyon, kundi higit bilang talang pangkasaysayan na esensiyal sa paghabi sa politikal at ekonomikal na naratibo ng krisis. At sa panahong ito noong Abril 2020, naglunsad ng patimpalak at adbokasiya ang Foundation AWIT o Advanced Wellness, Instruction, and Talents, Inc. at *Rappler,* sa pangunguna ng manunulat na si Vim Nadera. Naglalayon itong maitala ang mga kuwento ng danas sa pandemya gamit ang mga katutubong anyo ng panitikang Filipino na tinawag niyang: Covidiona, Covidalit, at ang Covidagli. Ang Foundation AWIT ay isang "non-profit organization na ang pangunahing layunin ay para sa pagpapabuti ng kalusugan, edukasyon, at pagkamalikhain ng kabataang may kapansanan" ("Tula sa Pandemya"). Ang paglulunsad partikular ng Covidagli noong Abril 2020 ay kaugnay rin ng pagdiriwang ng Buwan ng Panitikan. Ang isa sa panuntunan sa lahok para sa Covidagli ay dapat buuin ang akda ng labing-siyam (19) na

salita. Ang ikli na itinatakda rito ay inuugat sa konteksto ng pag-usbong at pagiging popular ng dagli sa espasyo ng pahayagan (partikular noong panahon ng kolonyalismong U.S.) at gayundin sa ekonomiya ng salita bunsod ng pagtitipid sa panahon, limitasyon sa espasyo, at mambabasang laging nagmamadali. Batay sa panuntunan sa paglahok, bukod sa bubuuin ng 19 na salita lamang ang akda, kailangang i-post ito sa *Facebook* sa buong buwan ng Abril 2020 gamit ang #dagli19 at naka-tag ang Foundation Awit at *Rappler* (Nadera).

Sa panahong ang nagsisilbing tagpuan at ugnayan ay ang social media, lalo na sa krisis ng pandemyang naglayo-layo sa tao, matutunghayan ang kapasidad ng mga anyo ng panitikan na magsilbing ahensiya ng manunulat at mambabasa sa pagtatala ng kolektibong danas at maging sityo ng posibilidad para sa pagmumulat sa espasyo ng teknolohiya. Nabigyang diin na ito ng iskolar na si Rolando Tolentino sa kaniyang artikulong lumabas sa *Unitas Journal* na poetika ng tinatangkang malikhaing proyekto sa dagli. Aniya, may kapasidad ang teknolohiya partikular ang mga bagong midya na maging sityo para sa kritikal na pedagohiya salungat sa popular na sensibilidad na nalilikha rito ng tao na pasibo. Ang direksiyon aniya ng ganitong malikhaing interbensiyon ay mapalawak ang target na mambabasa sa pamamagitan ng paglalangkap ng mismong porma (ang dagli) at ang teknolohiya ("RTDAGLI" 119).

Sa ganitong konteksto nakapook ang eksploratoryong pananaliksik na ito na isang pagtatangka upang magbukas ng posibilidad sa panimulang pagdalumat sa sandali mula sa pagkilatis sa mga naratibong ikinakapsula sa dagling iniluwal ng krisis sa pandemya sa social media. Pangunahing nilalayon ng papel na makilatis ang naratibo ng lockdown at ang politika ng sandali sa anyo ng #dagli19 sa *Facebook*. Sa pangangalap ng datos, ginamit ang #dagli19 sa *search option* ng *Facebook* upang makalap ang mga nai-post na dagling lahok na sumasaklaw sa buwan ng Abril 2020. Sa isinagawang pagkalap noong Marso 18, 2021, nakakuha ng 70 na dagli. Naging limitado lamang ang mga nakalap na datos sa naaabot ng search option ng *Facebook* batay sa gamit na #dagli19. Bilang limitasyon, hindi na nito nasaklaw ang mga lahok na hindi na nakapubliko sa panahon ng pagkalap ng datos. Hindi rin magtutuon ang pagsusuri sa mga nagwaging lahok sa patimpalak at maging sa mga partikular na manunulat na lumahok, kundi higit sa kabuang naratibo ng lockdown na binigyang artikulasyon sa limitadong salita ng mga dagling nakalap mula sa *Facebook*. Nagtuon din ang pagsusuri sa mga dagling may tiyak o direktang kaugnayan sa krisis ng pandemya partikular ang mga tema hinggil sa danas sa lockdown. Sa kabilang banda, mapapansin sa inilatag na datos na ang mga lahok na dagli nina Glen Galon Jr. at Stefani Alvarez ang higit na naitampok. Hindi ito sinadya, at isa sa dahilan ay ang limitasyon nito kung saan sa panahon ng pagkalap ng datos, ang mga naitampok na dagli kasama ang sa mga nabanggit na manunulat ang nakapubliko ang *setting* sa *Facebook*. Isa pa sa maaaring isaalang-alang ay ang dami ng inilahok na dagli dahil wala naman sa panuntunan ang paglimita sa ipo-post na lahok sa *Facebook* sa buong buwan ng Abril 2020. Dagdag pa rito ang realidad na ang mga nabanggit na kalahok ay mga manunulat na aktibo sa social media, bukod pa sa pagiging kapuwa produkto ng mga palihan sa malikhaing pagsulat, may mga produksiyon ng anyong dagli, at premyado sa mga patimpalak. Gayunman, mapapansin sa pagsusuring ginawa na hindi nagtuon sa konteksto ng mga manunulat kundi sa mismong anyo ng mga dagli na naging lunan ang *Facebook* at ang kontekstong panlipunang kinapopookan nito.

Sa pagsalang ginawa, 43 dagli na lamang ang natirang akdang sinuri. Humingi rin ang mananaliksik ng pahintulot na magamit sa pag-aaral ang dagling nai-post sa *Facebook* ng mga lumahok na manunulat/netizen. Ilan sa mga piling post na dagli ay itatampok sa papel na ito. Para naman masipat ang ekonomiya ng salita sa pagdiskurso sa sandali, ginamit ang web-based tool na Voyant-tools para magkaroon ng pangkalahatang tanaw sa pili at dalas ng mga salitang ginamit sa mga lahok na dagli na esensiyal sa paglalatag ng naratibo ng lockdown.

### *Ilang Tala hinggil sa Dagli*

*Dagli* ang tawag sa pinaniniwalaang pinag-ugatan ng maikling kuwentong Tagalog na nagsimulang lumabas sa mga pahayagan o peryodiko noong bungad ng siglo 20 sa panahon ng Amerikanong pananakop, na may diwang didaktiko, satiriko o romantikong katha (Duque 2). Tinawag na *pasingaw* ni Teodoro Agoncillo ang dagli na iniaalay sa isang paraluman at ang mga

anyo nito na nakasunod din sa tradisyon ng mga makabayang propagandistang manunulat noong mga huling yugto ng pananakop ng mga Kastila (Evasco at Ortiz 182). Sa pag-aaral ni Nicanor Tiongson, sinasabing dagli ang nakaugaliang itawag sa lahat ng uri ng salaysay na maikli at pati na sa mga pasingaw. Mula sa kaniyang pagsusuri sa mga nalathalang unang anyo ng maikling kuwentong Tagalog sa mga pahayagan nang 1902–1914, lumalabas na maikakategorya sa dalawang uri ang mga dagli sa panahong ito: ang pasingaw na tungkol sa pag-ibig, at ang maikli o munting kasaysayan na tahasang tuligsa sa kalagayang panlipunan na may himig na nangangaral hinggil sa isyu sa pang-araw-araw na buhay sa pananakop ng Amerikano (27–28). Ipinaliwanag naman ni Rolando Tolentino na ang dagli ay isang anyong tuluyan na lumaganap sa unang dekada ng kolonyalismong Amerikano sa Pilipinas. Maikli at minamadali, ang dagli ayon pa sa kaniya ay maaaring magsilbing sintomas hindi lamang ng tradisyon ng anyong tuluyan kundi rin ng sinisimentuhang realidad ng pananakop ng Amerikano sa bansa (*Dagling Tagalog* 41).

Sa pag-aaral ng Pambansang Alagad ng Sining sa Panitikan Virgilio S. Almario tungkol sa kasaysayan ng maikling kuwento, sinabi niyang "nagsimulang malathala ang mga maikling salaysay sa mga peryodiko noong panahon ng Amerikano bilang mga pamasak-butas o *filler*. Nakilala ang ganitong anyo ng pagsulat sa pangkalahatang tawag na dagli" (2). Sa kasaysayan ng maikling kuwento sa bansa, pinaniniwalaang ang maikling kathang Tagalog ay nagbinhing una sa mga dagli ni Lope K. Santos, at ilan pang kapanahon, sa *Muling Pagsilang* noong 1903. Ang pagyabong ng uring ito ng salaysay ay nagpatuloy sa pahayagang *Demokrasya*, *Ang Mithi*, at *Taliba* hanggang noong 1921 (Abadilla, et al. 4).

Malinaw mula sa paningin ng iba't ibang kritiko na nag-ugat ang dagli sa panahon ng mga kontradiksiyong panlipunan na dulot ng kolonyalismo. Sa pag-aaral ng kasaysayang pampanitikan, ang dagli ay hindi nagkaroon ng malaking puwang at lagi lamang ikinakabit sa pag-usbong at pag-unlad ng maikling kuwento, at pagyabong ng mga pahayagang naging pangunahing daluyan nito. Gayunman, ang pamamayagpag ng dagli ay namalas hanggang sa ikatlong dekada ng ika-20 siglo. Ayon kay Agoncillo, namayani ito mula 1902 hanggang 1930 (*Dagling Tagalog* 29).

Bukod tanging nagbigay ng komprehensibong pagsusuri at pagpapahalaga ang artsibong pag-aaral nina Rolando Tolentino at Aristotle Atienza sa aklat na *Ang Dagling Tagalog, 1903–1936.* Isa sa mga punto ng kanilang pag-aaral na mahalagang bigyang diin, bukod sa mga partikular na katangiang inilatag ni Tolentino, ay ang pag-angkla ng dagli sa naratibo ng panahon na siyang dahilan ng pana-panahong pag-iral o paglitaw-paglaho-pamamayagpag ng anyong ito. Kung may pangunahing katangian man ang dagli, iyon ay ang pagiging maikli nito na ang esensiya ay nasa diwa ng pagkamaagap at pagkakagyat sa pag-akda dahil nagmamadali. Ang ikli ay nakaangkla sa hinahabol na espasyo at panahon noong namayani ito sa mga pahina ng mga pahayagan sa yugto ng Amerikanong pananakop. Dito pumapasok ang ekonomiya ng salita na maiuugat sa konteksto ng paglalathala ng mga pahayagang unang kumupkop sa dagli bilang pamasak-butas.

Ang maagang pagtanggap ng bayan sa dagli ay bunga, hindi lamang ng pagkabagot ng mga mambabasa sa mahahabang babasahin, gaya ng nobela, kundi dahil sa naging pangangailangan ng mga tao noon na makatipid ng panahon at paggugol sa mga babasahing umaaliw at nangangaral (Abadilla, et al. 5). Mahalagang tingnan din ang pag-usad ng industriya ng imprenta sa panahong ito na naging simulain sa pagdami ng publikasyon ng mga pahayagang popular na naging sinapupunan sa popularisasyon ng dagli. Sa ekonomiyang itinatag ng mga Amerikano, nahiyang ang mga pribadong negosyo lalo ang mga palimbagan. Ang paglalathala ng mga publikasyong komersiyal ay yumabong. Maging ang pagkatuto ng mga Filipino na bumasa't sumulat bunga ng edukasyong publikong itinatag ng mga Amerikano ay nakaapekto rin

sa pagtangkilik sa pagbabasa. Naging mahalaga ang mga pangyayaring ito sa pagkakaroon ng publikong tatangkilik sa mga babasahing popular (Torres-Yu 225).

Ang pamamayagpag ng dagli ay hindi nagtagal at makalipas ang halos tatlong dekada sa siglo 20, naglaho ito. Isa sa dahilan ay ang unti-unting pag-unlad sa pagkatha ng maikling kuwento sa bansa. Karamihan sa mga naunang nagsulat ng dagli ay papasok sa pagtuklas ng iba't ibang estilo sa maikling kuwento na ipinakilala naman ng mga Amerikano bilang *short story* sa mga paaralang kanilang itinatag. Ang pag-usad na ito sa pag-unlad ng maituturing na ganap na anyo ng maikling kuwentong Tagalog ay may implikasyon din sa politika ng mismong tema at nilalaman ng katha. Ayon kay Nicanor Tiongson, naging tiwalag sa lipunan ang manunulat at ang maikling kuwento sa kaniyang pagsipat ay naging ganap na eskapista malayo sa mga unang anyo nito na nakaugat sa dagli na lantarang tuligsa sa kondisyong panlipunan (35).

Nawala man ang dagli sa popular na espasyo, muli itong matutunghayan sa mga publikasyon ng mga kilusang lihim sa pagsapit ng dekada 70. Naging instrumento ng mga nasa larangan ng pagkilos ang dagli upang isulong ang rebolusyonaryong pakikibaka at makabayang paninindigan. Sa katunayan, nailahad ni Kris Montañez sa kaniyang sanaysay na "The New Mass Art and Literature" ang ilang dagli na naisulat ng mga nasa larangan ng rebolusyonaryong pakikibaka na naging daluyan ng kanilang mga karanasan at radikal na paninindigan. Aniya, "The dagli or vignette has much more success in capturing the essence of a single character or even through telling, concrete details" (19). Ang pagiging maikli ay katangian ng uri ng panitikan na hinihingi ng pangangailangan ng mga nasa larangan ng pagkilos. Mahalagang makita ang kabuluhan ng ikli sa pagkapsula sa sandali ng mga naratibong iniluluwal ng kilusang rebolusyonaryo dahil ayon kay Gelacio Guillermo, "may mga panahong ang kinakailanga'y mabilisang pagsulat," na sa ganitong kalagayan ay nasa anyong "maiigsi sapagkat naghahabol sa oras, maalab, maraming ibig ipahayag" (lvii). Karaniwang matutunghayan ang mga dagling radikal sa pampanitikang jornal ng Kilusang Pambansa Demokratiko, ang *Ulos* at iba pang publikasyon at gawain ng mga nasa larangan ng rebolusyonaryong pagkilos (*Dagling Tagalog* 43).

Sa kabila ng paglitaw-paglaho-pamamayagpag ng dagli sa kasaysayang pampanitikan ng Pilipinas, kung ilulugar ang dagli sa pagpasok ng ika-21 na siglo, malaki na ang ipinagbago hindi lamang sa anyo kundi lalo na sa espasyo kung saan ito matutunghayan. Sa pamamagitan ng mga university at mainstream press, nagsimulang malathala sa anyo ng aklat ang mga koleksiyon at antolohiya ng dagli. Taong 2005 nang lumabas ang aklat na *Sakit ng Kalingkingan: 100 Dagli sa Edad ng Krisis* ni Rolando Tolentino na naglalaman ng mga dagling pumapaksa sa mga panlipunang krisis na nasa pormang mala-balita. Kapansin-pansin din na mayroong talahuli ang bawat dagli na nagsisilbing batayan kung saan hinugot ang mga naratibo ng bawat akda na pangunahing mula sa mga balita o mga napapanahong pangyayari sa lipunang Pilipino. Sa sumunod na taon, 2006 ay lumabas ang aklat ni Zosimo Quibilan, Jr. na pinamagatang *Pagluwas* na ayon kay Bienvenido Lumbera ay mala-nobelang kalipunan ng maiigsing maikling kuwento. Bagama't hindi binanggit o ginamit ang salitang dagli, mababakas pa rin sa mga akda ni Quibilan ang ilang pangunahing katangian ng dagli na maikli at may pagkapartikular sa mga ikinukuwentong sandali. Sa parehong taon din naglabas ng aklat si Eros Atalia ang *Taguan-Pung (at Manwal ng mga Napapagal)* na tampok ang mga dagling kathang di pambata. Itatampok naman sa aklat na *Mga Kuwentong Paspasan* noong 2007 ang mga dagling hindi hihigit sa 750 na salita na pinamatnugutan ni Vicente Groyon. Pagdidiin ni Groyon na "may kakaibang bisa at kapangyarihan ang kuwentong maikli at agad nagwawakas. Di tulad ng mahahabang salaysay, ang dagli ay hindi nagpapatumpik-tumpik at ang manunulat na tatangkain ang ganitong akda ay kinakailangang may kakayahang makagulantang sa pamamaraang masinsin na kahit tila nagmamadali, nag-iiwan pa rin ng tatak at bumabaon sa bawat pagkakataon" (x).

Masusundan ang paglalabas ng antolohiya ng dagli noong 2011 sa aklat na *DADAANIN, Isandaang Kuwento ng Isandaang Manunulat* na pinamatnugutan naman nina Alwin C. Aguirre at Nonon Carandang. Naglalaman ito ng mga kuwentong may tig-isandaang salita bilang bahagi ng pagdiriwang ng sentenaryo ng Pamantasang De La Salle. Sa parehong taon, mailalathala ang *Emotero* bilang *indie book* na koleksiyon din ng dadaanin ng manunulat na si Mark Angeles. Naglalaman ito ng mga mala-tulang prosa na dagli na nagbigay-tinig sa iba't ibang uri ng tao na ayon pa nga kay Jun Cruz Reyes ay "mga tula na marunong ng heteroglossia" (Angeles 3). May

pagtatangka naman ang manunulat na si Abdon Balde sa inilabas niyang aklat na pinamagatang *100 Kislap*. Naghahain ng posibilidad sa anyo si Balde na tatawagin niyang kislap o mga kuwentong isang iglap na binubuo ng dagling hindi lalagpas sa 150 na salita. Sa parehong taon, muling maglalabas ng koleksiyon ng dagli si Eros Atalia ang *Wag Lang Di Makaraos (100 Dagli Mga Kwentong Pasaway, Paaway at Pamatay)* na naglalaman ng mga dagli na may iba't ibang tema. Kahit maikli, hindi madali ang bumuo ng isandaang dagli na ayon kay Atalia ay hinihingi ang pagkamasinsin at disiplina sa pagsusulat kaya inabot ng halos tatlong taon para matapos niya ang aklat. Ang manunulat naman na si Jack Alvarez o mas kilala sa kasalukuyan bilang Stefani Alvarez ay nag-self publish ng kaniyang koleksyon noong 2012, *Ang Autobiografia ng Ibang Lady Gaga* na muling ilalathala ng Visprint sa taong 2015. May himig ng pagkapersonal ang kaniyang mga dagli na maisasakonteksto sa kaniyang mga personal na karanasan bilang OFW at bahagi ng sektor ng LGBTQ. Ang pinagsama-sama niyang dagli ay parang isang buong nobela ng kaniyang buhay.

Sa sumunod na mga taon, lalo na sa pagtatapos ng ikalawang dekada ng siglo 21, higit pang dadami ang produksiyon ng anyo ng panitikan na dagli na hindi na lamang masusumpungan sa mga antolohiya at publikasyon, kundi maging sa mga panawagan sa paglahok sa mga pambansang palihan sa malikhaing pagsulat, sa mga lokal at pambansang patimpalak pampanitikan, sa mga teksbuk at materyal panturo sa K12 kurikulum ng Department of Education, sa mga *refereed journal* sa malikhaing pagsulat, at maging sa social media at mga espasyong onlayn.

*Ang Pagsasanda(g)li sa Espasyong Onlayn*

Isa na marahil sa popular na *Facebook page* na aktibong naglalabas ng mga dagli ang *Sobrang Short Stories*. Nalikha ito noong 2015 buhat sa pag-trending ng mga paskil na dagli na may #SobrangShortStories hanggang sa maging isang *fan page* na sa kasalukuyan ay mayroon nang mahigit 328,000 na *followers.* Bukas ito sa pagpapasa ng sinomang nais magbahagi ng dagli o *flash fiction* subalit dumadaan din sa pagsasala ng mga administrador ng nabanggit na page. Sa parehong taon ay naglabas din ito ng webpage sa pamamagitan ng *Wordpress* na ayon sa kanilang panuntunan, "layunin ng pahinang ito ay hikayatin ang mga umuusbong na mga manunulat at mambabasa na lumikha ng mga kalidad na kuwento at i-promote ang Panitikang Pilipino" (Sobrang Short Stories). Mula sa pagsisimula nito sa espasyong onlayn, nakalikha na ito ng komunidad ng mambabasa at manunulat sa social media gamit ang anyo na dagli. Sa katunayan, nakapaglabas na ito ng aklat noong 2016 na *The Best of Sobrang Short Stories* na koleksiyon ng mga dagli at flash fiction sa Filipino at Ingles mula sa mga kontribyutor at administrador na manunulat ng nasabing *Facebook page***.** Bukod pa rito ang mga inianak nitong publikasyon ng koleksiyon ng dagli sa *platform* na *Wattpad***.** Noong 2021 sa kasagsagan ng pandemya, naglabas din ito ng panawagan sa pagpapasa ng dagli para sa proyektong *VaxZine: Napipintong Antolohiya ng Sobrang Short Stories* na naglalayong magtampok ng mga "orihinal na dagling" nakaugat sa karanasan sa "panahon ng quarantine at pandemya" ("Call for Submission").

Ang nabanggit na halimbawa ay patunay ng popularisasyon ng anyong dagli sa espasyo ng social media. Kung noong panahon ng pag-usbong at paglaganap ng anyong ito sa yugto ng kolonyalismong Amerikano ay nasumpungan ito sa mga pahina ng mga popular na pahayagan, sa kontemporanyong panahon naman partikular sa pagpasok ng ika-21 siglo, kinupkop ng espasyong onlayn ang dagli. Para kay Rolando Tolentino, may kapasidad ang anyo ng panitikan (tulad ng dagli) na umangkop sa makabagong teknolohiyang tinatangkilik ng makabagong mambabasa. Mula ito sa konteksto ng poetika ni Tolentino sa "pagbuo ng koleksyon ng maikling-maikling kwento na may 140 salita na *SMS o short-messaging system*, na sakop rin ng "tweets" o *postings* sa *Twitter"* ("RTDAGLI" 115). Tinutungo nito na mapalawak ang target na mambabasa sa pamamagitan ng paglalangkap ng mismong porma (dagli) at teknolohiya (SNS). Politikal ang adyenda ng proyekto dahil may pagtatangka na ipopularisa hindi lamang ang mismong anyo (dagli) kundi higit ang mga isyung binibitbit ng dagli sa loob ng espasyo ng Internet na puno rin ng kontradiksiyon dahil sa katangian nitong indibidwalisado. Paliwanag pa ni Tolentino na "ang kontribusyon ng proyekto ay mag-alok ng isang lagusan sa makabagong plataporma ng Twitter, social networking sites, at Internet ng mga textong media na may higit na kritikal na pagsipat sa panitikan, lipunan at kasaysayang Filipino, at ang kanyang pakikisangkot sa mundo at global na kapitalismo" ("RTDAGLI" 119).

Samakatwid, ang maiikling anyo ng panitikan tulad ng dagli ay masasabing may praktikal at politikal na gamit sa konteksto ng bagong midya hindi lamang

para sa kagyat na pagpapahayag ng personal na danas, kundi higit tungo sa pagsusulong ng iba't ibang adbokasiya. Bukod sa pagiging maikli, "hangad ng dagli na makapaghatid ng mensahe upang makaugnay sa mambabasa" (Angeles 31). Ang hugpungan ng panitikan at social media ay sityo ng mga posibilidad sa paghuli sa sandali ng mga danas sa pang-araw-araw na buhay. Pinatunayan sa pag-aaral na "Pinusong sa Panahon ng "Veerus": Ang Tula sa Internet bilang Kontra-Pusong" nina Eliodora L. Dimzon at John E. Barrios ang kapasidad ng maiikling anyo ng panitikan tulad ng tula at ilang dagli na maging instrumento ng politikal na kritisismo sa espasyong onlayn. Sa konteksto ng mabagal na pagtugon sa krisis ng pandemya ng administrasyong Duterte, itinanghal sa papel ang mga lumaganap na tula at ilang dagli sa Internet bilang "kontra-pusong" na anyo ng panlipunang kritisismo na nagbubukas ng siwang para sa pagbaliktad ng estruktura ng kapangyarihan sa pamamagitan ng panitikan. Binigyang diin na "ang pagtakda sa akda bilang akdang pinusong ay pagmamarka sa akda bilang akdang may layuning baliktarin ang hirarkiya at panlipunang kaayusan" at napatunayan ito sa mga maiikling anyo ng panitikan na "itinatanghal ang mali, pangit, madugo, bastos at marami pang iba" (Dimzon at Barrios 56). Ang mga akdang sinuri ay malikhaing tugon sa mga nasa poder ng kapangyarihan na kapag binibigyan ng kritisismo, sa halip na tanggapin ang puna, ang itinutugon sa mga kritiko ay "ano ang ambag mo?" tulad ng pahayag ng Pangulong Duterte sa kaniyang *national briefing* noong Abril 16, 2020 (Malasig; Aloc). Naging usap-usapan sa mga onlayn na platform ang tanong na ito na lumikha ng mga posibilidad para ibalik din ang tanong sa pamahalaan sa pamamagitan ng iba't ibang anyo ng adbokasiyang "ambagan" na nagsisikap na makatugon sa krisis mula sa inisyatiba ng iba't ibang sektor ng lipunan at pangkaraniwang mamamayan. Sa sektor ng mga manunulat, ang mga malikhaing interbensiyon na nasumpungan sa birtuwal na espasyo ay sa anyo ng produksiyon ng aklat, libreng publikasyong onlayn, patimpalak pampanitikan at iba pang malikhaing gawain. Nagsilbi itong porma ng pag-aambag sa pagpapanatili ng malusog na pag-iisip at malayang pagpapahayag sa konteksto hindi lamang ng krisis pangkalusugan, kundi maging ng pampolitika at pang-ekonomiyang krisis na dinaranas ng bayan.

Isa na marahil sa mga unang nagkaroon ng inisyatiba para kolektahin at maitala ang danas sa pandemya sa anyo ng dagli ay ang manunulat na si Rommel Rodriguez nang i-post sa *Facebook* noong Marso 22, 2020 ang panawagan sa kontribusyon para sa proyektong aklat na *2020: Ang Hinaharap sa Isang Iglap (Mga Dagli)*. Sentral na itinatampok sa proyekto ang dagli para sa layunin ng malikhaing pagtatala ng danas ng bayan at ng mundo sa panahon ng pandemya (Rodriguez). Ang itinuturing na "reyna ng dagli" na si Stefani Alvarez ay ibinahagi naman nang libre ang bersiyong onlayn ng kaniyang aklat ng mga dagli na *Ang Autobiografiya ng Ibang Lady Gaga* bilang pakikibahagi sa ambagan sa panahon ng lockdown. Sa kolaborasyon ng Isang Balangay Media Productions, I-Academy at ng manunulat na si Bebang Siy, nailabas ang libreng e-book na *COVIDagli*. Bukod sa limampung dagli tungkol sa danas sa pandemya na may tig-19 na salita, itinatampok din sa publikasyong ito ang mga likhang sining na nagsilbing mukha ng bawat dagli na likha ng mga mag-aaral ng I-Academy. Bagamat inilahok sa patimpalak at nagkamit ng gantimpala, ang mga Covidagli ni Bebang Siy ay hindi na naisama sa pag-aaral na ito dahil hindi na nakapubliko ang kanyang mga lahok sa panahon ng pagkalap ng mga post na #dagli19 sa *Facebook* at hindi na naisama sa korpus na naproseso sa *Voyant tools*. Marami ring lumabas sa social media na mga publikasyong *zine* na may paglahok ng anyong dagli na inisyatiba ng iba't ibang organisasyon at grupo ng mga manunulat. Isa na rito ang *e-zine* na *Hindi ito ang Panahon para Mamayapa at iba pang Akda* ng Kataga-Online na sangay ng organisasyong Kataga, Samahan ng mga Manunulat sa Pilipinas, Inc. Malinaw na tinutumbok ng antolohiya na "akdaan ang *social media*" na sa kabila ng krisis ng pandemyang naglayo-layo sa tao, higit na kinakailangan ang magpahayag at maging kritikal. Ayon sa paunang salita, "hinding hindi kami didistansya sa takot na mahawaan ng virus ng pananahimik" dahil may malaking papel na ginagampanan ang sining at panitikan sa ating buhay-lockdown (Rodas). Maiuugnay rin dito ang inisyatiba ng mga manunulat na sina Kiko Rafols at Giselle Espino, kasama ang mga kasapi ng Sulat Kamay Writers Collective nang kanilang ibahagi noong Abril 12, 2020 sa *Facebook* ang publikasyong e-zine na *Ang Mga Beerus*. Hinahabi sa antolohiyang ito ang naratibo ng lockdown at ang mga inianak nitong suliraning panlipunan na nakaugat sa kapalpakan ng pamahalaan sa pagharap sa krisis pangkalusugan.

Ang UP Institute of Creative Writing ay naglabas din ng panawagan sa kontribusyon ng mga malikhaing akda para sa dalawang isyu sa taong 2020 ng publikasyong *Dx Machina: Philippine Literature in the Time of Covid-19* na "naghihimay sa papel, mga tunggalian, at mga ambag ng panulat sa kaligiran ng isang pandemya" at nagtatangka na "magbigay ng diagnosis sa panulat, tao, at komunidad sa panahon ng pandemya" (Likhaan: University of the Philippines Institute of Creative Writing). Interesante na naitampok sa antolohiyang ito ang ilang dagli na nasa lunan ng lockdown at digital na espasyo na ayon sa patnugot ng ikalawang isyu na si Rolando Tolentino ay "dahil ang pampanitikang pormang ito sa Filipino ay nagsasaad ng mas kumbinyenteng kapasidad na mailarawan ang mga patsi-patsing realidad at kaganapan" (Introduksyon/Introduction x). Sa unang isyu, maitatampok ang pag-eeksperimento sa anyong dagli sa akdang "Rebyu ng "Anti-IATField" at iba pang Dagling Rebyu" ni Tilde Acuña. Nagsilbing kritika ang mga rebyu na maiikling komento sa mga paskil na produkto sa *online shopping app* tulad ng *Shopee* na may pag-uugnay sa konteksto ng krisis panlipunan. Para kay Acuña, isa itong pagtatangka na lumikha ng lamat sa espasyong onlayn ng konsumerismo "bilang sabayang kritikal at kahit papaano'y pampanitikang pagsusuri" hindi lamang sa krisis ng pandemya, kundi maging sa pagtindi ng "pasismo at karahasan" sa lipunang Pilipino (107). Unang nasumpungan naman sa *Facebook* ang mga masasabing kamag-anak din ng dagli na maiikling naratibo na "pananglet" at "pataasan" ni John Barrios bago lumabas sa ikalawang isyu ng *Dx Machina* na pinamagatang "5 Pananglet at 11 Pataasan sa Panahon ng Veerus." Ang "pananglet" ay maiiksing naratibo na ipinupuno sa bakanteng espasyo partikular sa pahayagang *Makinaugalingon* sa Iloilo noong bungad ng ika-20 siglo, samantalang ang "pataasan" naman ay popular na maikling pagsasalaysay na may layuning magpatawa na karaniwang tungkol sa Pilipino kontra sa ibang lahi (Barrios 126). Muli namang itinampok ni Abdon Balde ang kaniyang mga "kislap" o mga kuwentong isang iglap na sa pagkakataong ito ay maiikling naratibong "hango sa mga karanasang napabalita sa radyo, TV, social media, at ibang nalimbag sa internet" sa konteksto ng pandemya (134).

Malaki ang ginampanang papel ng Sentro ng Wikang Filipino, UP Diliman (SWF-UPD) sa paglikha ng siwang ng posibilidad sa espasyong onlayn sa pamamagitan ng paglulunsad ng mga publikasyong libreng mababasa ng publiko lalo na sa panahon ng pandemya. Patunay nito ang paglulunsad ng unang isyu ng *Agos: Refereed Journal ng Malikhaing Akdang Pampanitikan*, na sa kabila ng hamon ng krisis ng pandemya, hindi magagapi ang pagkamalikhain ng mga alagad ng sining at sa halip ay higit pang kailangan ang produksiyon ng mga akdang pampanitikan na sandata sa "pagpapatunay, pagpapanatili, at pagpapatibay ng pagkatao at pagkabansa" (Paterno ix). Itinampok sa journal na ito ang mga dagli at iba pang anyong pampanitikan na nagsisilbing kontra-agos na sasalunga sa namamayaning puwersa na pumapaslang sa wika at panitikang Filipino. Lalo pang maitatampok ang saysay ng maiikling anyo ng panitikan tulad ng dagli sa inilabas ng SWF-UPD na pampanitikang folio na *Balaraw: Mga Tula at Dagli sa Panahon ng Pandemya at Pasismo.* Bago inilabas bilang bahagi ng Aklatang Bayan Online, unang inilathala sa *Facebook page* ng Sentro ang mga tinipong tula at dagli na binibigyang artikulasyon ang mga karanasan sa panahon ng pamamayani hindi lamang ng banta ng Covid-19 kundi higit ng dahas ng estado. Tulad ng *Agos Refereed Journal*, isang anyo ng kritisismo ang proyekto na ayon sa patnugot na si Mykel Andrada, "kapag pinagsama-samang binasa at sinuri ang mga akda, nakapagbibigay ito ng kapiranggot na mapanghiwang katotohanan" (xi) at mistulang humihiwa ng posibilidad sa kasalukuyan at humihiraya ng mainam na hinaharap.

Tulad ng patimpalak-adbokasiyang inilunsad ng Foundation Awit at *Rappler* na tuon ng papel na ito, naitampok din ang dagli sa mga patimpalak pampanitikan na inilunsad ng iba't ibang institusyon at organisasyon sa social media sa gitna ng pag-igting ng lockdown sa bansa. Sa bungad pa lamang ng 2020 sa pangunguna ng Kasingkasing Press ay inilunsad ang *Hiligaynon, Kinaray-a & Aklanon Flash Fiction Competition* na isinagawa mula Enero hanggang Mayo 2020. Ibinukas ang patimpalak sa lahat ng interesadong Pilipino na nagsusulat sa mga nabanggit na wika. Isa sa kahingian ng patimpalak bukod sa paggamit ng alinman sa wikang Hiligaynon, Kinaray-a at Aklanon, kailangang ang bilang ng salita ng lahok na akda ay nasa 30 hanggang 50 salita lamang (Kasingkasing Press). Hindi rin nalalayo dito ang patimpalak na inilunsad ng *Savage Mind: Arts, Books, Cinema*, isang *bookshop* na nakabase sa Lungsod ng Naga, Rehiyon ng Bikol. Isa sa kahingian ng *Takatak: Bikol Flash Fiction Writing Competition* ay ang paggamit ng alinman sa mga wikang Bikol tulad ng Tigaonon,

Minasbate, Katangduanon, Rinconada, Miraya, at iba pa. Ang limitasyon naman sa bilang ng salita ng lahok na akda ay hindi dapat lalagpas ng 500 salita. Ang mga nagwagi at mga piling lahok na akda ay inilimbag bilang unang bolyum ng aklat na *Takatak: Mga Haliputunon na Usipon* na pinatnugutan ng mga manunulat na sina Kristian Sendon Cordero at Luis Cabalquinto (Savage Mind*:* Arts, Books, Cinema). Sa pamamagitan naman ng *Facebook page* na S*ulat SOX: Literary Pieces from SOCCSKSARGEN,* ibinukas sa social media ang patimpalak na *Silap: Sulat SOX Flash Fiction Writing Contest 2020* na tumanggap ng lahok na dagli o flash fiction na may temang *healing* o paghilom mula Setyembre hanggang Oktubre 2020. Ang *Sulat SOX* ay isang *online community* ng mga manunulat at mambabasa na mula sa rehiyon ng Timog at Gitnang Mindanao. Ang kanilang *Facebook page* na nilikha noong 2017 na kasalukuyang mayroon nang mahigit 19,000 followers ay tumatanggap ng mga akda na nasa wikang Hiligaynon, Cebuano, Kinaray-a, Filipino, Ingles, at iba pang wikang ginagamit sa rehiyon ng SOCCSKSARGEN (Sulat SOX). Bilang pagpupugay naman sa mga guro ng bayan, naglabas din ng panawagan sa paglahok sa patimpalak sa pagsulat ng dagli noong Setyembre 19, 2020 ang DAMLAY PUP Sta. Mesa, isang organisasyon ng mga nasa larangan ng pagtuturo ng wikang Filipino. Ang patimpalak na ito ay ibinukas sa lahat ng mga mag-aaral sa hayskul at kolehiyo sa buong Pilipinas bilang bahagi ng pagdiriwang ng Buwan ng mga Guro (DAMLAY).

Sa kabila ng matinding krisis na ating pinagdaanan, isang masaganang ani ng dagli sa iba't ibang wika ng Pilipinas ang iniluwal ng unang taon ng pandemikong lockdown sa espasyong onlayn. Nasundan pa ang mga inisyatibang ito sa mga sumunod na taon, at sa tingin ko, mahalagang mabanggit dito ang mga sumusunod na proyektong lalong nagpapatingkad sa saysay at katangian ng dagli. Ang una ay ang paglulunsad ng SWF-UPD ng *Sahaya: Timpalak Pampanitikan 2021 – Pagsulat ng Tula at Dagli* na may temang "Wikang Filipino at mga Wika sa Pilipinas Tungo sa Panlipunang Pagbabanyuhay." Pangunahing layunin nito na maipakita ang saysay ng wika at panitikan sa kolektibong paghahangad ng mamamayan ng pag-asa para sa hinaharap ng ating bayan. Ang ikalawa ay ang pagtuon sa katangiang kagyat sa ngalan ng agarang pagtugon sa mga isyung panlipunan sa pamamagitan ng publikasyong iglap na *Tapuzine* ng progresibong organisasyon na Surian sa Sining, Inc. o SUSI. Ang unang isyu na inilabas nito noong Hulyo 2021 sa kanilang *Facebook page* ay nakaangkla sa panawagan ng "kolektibong pagkilos laban sa karahasan at kapabayaan ng rehimeng Duterte" na marapat nang wakasan o tapusin. Ang ganitong malikhaing interbensiyon na umuugat sa tradisyon ng "publikasyong iglap" na lumaganap sa panahon ng diktaduryang Marcos ay nagpapakita ng "pangangailangan na laging maging handa ang mga manunulat at alagad ng sining sa pagsusuri sa kaganapang panlipunan dahil nasa puso ng publikasyong iglap ang malaya at mapagpalayang diwa ng sining at panitikan" ("Publikasyong Iglap" vii). Malinaw sa dalawang nabanggit na proyekto ang pagpapatuloy hindi lamang ng pagsasaysay sa anyong dagli, kundi higit sa kritikal na malikhaing pagtatala ng danas sa pandemya.

Sa kabuuan, ang mga nabanggit na proyekto dito ay panimulang pagtatala pa lamang at marami pang inisyatibang pampanitikan partikular na ang nagtuon o nagbigay-puwang sa dagli ang maaaring hindi pa naisama sa pagtatalang ito. Sa kabilang banda, ipinakikita sa bahaging ito ng papel ang pagiging makabuluhan at patuloy na pamamayagpag ng dagli sa espasyong onlayn, at ang naging papel nito sa paghahabi ng naratibo ng lockdown.

*Hinggil sa Teorya ng Sandali sa Lockdown*


Nagsilbing angkla ng diskurso sa papel na ito ang tinatawag na *theory of moment* o teorya ng sandali, ng Pranses na iskolar na si Henri Lefebvre, na higit na nakilala sa kaniyang mga pagteteorya hinggil sa reproduksiyon ng mga panlipunang espasyo. Nakaangkla ang teorya ng sandali sa kaniyang ideya ng *critique of everyday life* o kritika ng pang-araw-araw na buhay na sinasabing pinag-uugatan ng kaniyang mga pagdalumat hingil sa reproduksiyon ng panlipunang espasyo. Sa paglalapat ng konseptong ito sa pananaliksik ni Sam Halvorsen hinggil sa Occupy London, binigyang linaw na: "Everyday life is understood as the routines, skills, experiences and trajectories that mobilise and give shape to protest and contentious action…Everyday life is not only important in mobilising people to action, however, but forms an integral part of practices of activism itself" (4). Sa ganitong pagpapakahulugan, ang sandali na nakaugat sa pang-araw-araw na buhay-lockdown ay hindi payak na partikular na pagkakataon o pangyayari

lamang. Isa itong posibilidad ng kritika sa kalagayang panlipunan.

Samakatwid, para kay Lefebvre, ang sandali ay hindi biglang lumitaw sa kawalan sa anumang pagkakataon. Mayroon itong motibo na siyang nagpapalitaw rito sa pang-araw-araw na buhay (Lefebvre 650). Sa konteksto ng kasalukuyang krisis, ang pandemya ay maituturing na isang motibo na siyang nagpabago sa iba't ibang pagkakataon at nagpalitaw sa mga sandali tulad ng mga espesipikong danas sa lockdown at pangkalahatang krisis pangkalusugan. Ang sandali ay pagtatangka sa pagkamit ng kabuuang realisasyon ng mga posibilidad na direktang isinasabuhay na sa halimbawa ni Lefebvre ay tulad ng pag-ibig, laro, pahinga, at kaalaman na iniuugnay niya sa isang pista o *festival* (Halvorsen 6). Samakatwid, tila isang pagdiriwang ang sandali na maaaring lumikha ng ekstra-ordinaryong pagdanas, ng pagka-maaari ng hindi maaari, na karaniwang hindi nakakamit bunsod ng namamayaning kaayusang kontrolado ng mga may hawak ng kapangyarihan na sumasakop at nagpapagalaw sa pang-araw-araw na buhay.

May tatlong tuon na mahahalagang susing konsepto hinggil sa teorya ng sandali si Lefebvre na siyang partikular na angkla ng pagsusuri. Ito ay ang anyo (form), tagal (duration) at nilalaman (content). Ang sandali ay mayroong anyo na siyang lumilikha ng panahon at espasyo na kapuwa obhetibo (panlipunan) at subhetibo (indibidwal). Ang anyo at ang kaayusan nito ang nagtatakda ng nilalaman o lalamanin ng sandali (640). Ang sandali sa dagli ay ang kaiklian nito na masusukat sa bilang at pili ng salita, at sa katiyakan o pagkapartikular ng naratibong umuugat sa realidad ng pang-araw-araw na buhay-lockdown. Kung sisipatin ang korpus gamit ang Voyant-tools, 6.9 salita kada pangungusap ang average na bumubuo sa mga lahok na dagli. Hindi maikakaila ang pagkapayak at pagkatiyak ng estruktura ng dagli na nakaugat sa panuntunan ng patimpalak na dapat buuin lamang ng 19 salita ang bawat lahok. Ito ang malinaw na limitasyon na bumubuo sa anyo ng sandali na nasa porma ng Covidagli. Sa kabilang banda, ang ekonomiya ng salita ang siya ring lumilikha ng malawak na posibilidad para mag-isip ang awdyens o mambabasa lagpas sa hangganan ng mga salita tungo sa paghuli sa sandali ng danas sa pandemikong lockdown. Makapangyarihan ang salita, sapagkat isinisiwalat nito ang bigat at lalim ng magkakaugnay na kondisyong kinasasadlakan ng taumbayan sa ilalim ng krisis.

Sa Pigura 1 makikita ang frequency o ang bilang ng dalas ng paggamit o pagbanggit sa partikular na mga salita. Nangunguna ang salitang "virus" sa mga ito na siyam na beses binanggit o ginamit sa mga dagli, habang pangatlo naman ang "lockdown" na pitong beses nagamit. Mahalaga ring bigyang pansin ang paglabas ng mga salitang "gutom," "kahirapan," at "quarantine." Ang mga salitang ito ang maituturing na mga susing salita na magpapatanaw sa atin sa naratibo




| | Term | Count | Trend |
|---|---|---|---|
| 1 | virus | 9 | |
| 2 | covid | 8 | |
| 3 | lockdown | 7 | |
| 4 | mask | 6 | |
| 5 | araw | 4 | |
| 6 | gutom | 4 | |
| 7 | kahirapan | 4 | |
| 8 | laman | 4 | |
| 9 | milyong | 4 | |
| 10 | quarantine | 4 | |
| 11 | balita | 3 | |

**Pigura 1:** Kuhang larawan ng corpus terms mula sa naiprosesong datos sa voyant-tools.org




**Pigura 2:** Kuhang larawan ng *word cloud* ng naiprosesong korpus mula sa voyant-tools.org

ng indibidwal at panlipunang pagdanas sa lockdown na nasa anyo ng dagli sa social media.

Isa pa sa susing konsepto ni Lefebvre hinggil sa sandali ay ang tagal (*duration*) na nagtatakda ng intensidad. Ito ang sinasabing nagrereorganisa sa panahon at espasyo na nagtutulak sa mga hangganan ng posibilidad. Sa diyalektikal na lapat ni Lefebvre sa tinatawag niyang "possible-impossible," ang sandali ang sinasabi niyang imposibleng posibilidad. Sa isang pagsusuma, ang hindi maaari sa araw-araw ay nagiging maaari, maging ang batas ng hindi pagka-maaari (641) na matutunghayan sa maiikling naratibo na nasa anyong dagli. Ibig sabihin, maaaring magawa sa pagsasandali ang karaniwang hindi maaaring gawin sa realidad na kontrolado ng mga estruktura (tulad ng militaristikong lockdown). Ang ikatlo ay ang nilalaman ng sandali na sinasabing nagmumula at umuusbong sa pang-araw-araw na buhay. Diyalektikal ang pagtingin ni Lefevbre sa karaniwang buhay na para sa kaniya ay sityo ng alyenasyong dulot ng kapitalismo at sa kabilang banda ay sityo rin naman ng mga posibilidad ng pagbawi sa espasyo ng tao upang mabigyang saysay ang pang-araw-araw na buhay (Halvorsen 7). Ang sandali sa ganitong pagdalumat mula kay Lefebvre ay akto ng pagtransporma sa danas sa ilalim ng kondisyon ng krisis na nakaugat sa kapitalismo. Ang alyenasyon ng tao sa kondisyong umiiral ay humahantong sa de-alyenasyon na maaabot lamang kung magsasanib ang sandali at ang pang-araw-araw na buhay (*everyday life*). Samakatwid, kritika ang sandali sa mismong espasyong pinagluwalan o pinaglunduyan nito. Ang *Facebook* na kalakal ng kapitalismo ay espasyong maaaring magbukas ng siwang para sa sandaling naglalaman ng politikal na diwa, o lalo't higit ng radikal na sandali tungo sa paglikha ng posibilidad sa social media. Kaugnay nito, nakatindig ang kasalukuyang papel sa paniniwalang may mahigpit na ugnayan ang sandali at ang anyo ng panitikan na dagli kaugnay partikular sa paghabi ng naratibo ng lockdown na nakaugat sa krisis sa pandemya. Sa mga nakalap na dagli, nakabuo ng mga pangkalahatang temang nakaugat sa mga danas sa lockdown: ang kagutuman, karahasan, kawalang katiyakan at kontradiksiyon sa uri na siyang mga pangunahing nilalaman ng sandali.

Para magkaroon ng pangkalahatang pagtanaw sa kabuuan ng mga nakalap na dagli, matutunghayan sa *word cloud* (Pigura 2) ang salitang *virus*, *covid*, at *lockdown* ay malaki ang pagkakalimbag na nangangahulugang may pinakamaraming beses na nabanggit sa mga korpus ang mga salitang ito (makikita rin sa Pigura 1). Hindi maikakaila ang kinapopookang panahon at espasyo na nakaugat sa kondisyong panlipunan at indibidwal na danas ang dalas ng gamit ng mga salitang ito sa mga lahok na dagli. Mapapansin din ang mga salitang *kahirapan*, *quarantine*, *gutom*, at *mask* na naghuhudyat ng nabuong mga pangkalahatang

tema sa nakalap na mga dagli. Ang mga salita ang magbibigay-estruktura at aktuwalisasyon sa nilalaman ng sandali, at bubuo ng anyo nito. Ang intensidad naman ay hindi lamang masusukat sa pili ng salita upang maunawaan ang tagal ng sandali. Higit itong mababakas sa kontekstong nilulugaran ng akda o ng #dagli19 sa kabuuan.

Kung ipopook ang mga salitang *virus* at *lockdown* sa konteksto ng mga dagli at danas sa pandemya ay makikitang nag-anak ito ng mga varyant lagpas sa medikal at literal na depinisyon ng salita. Ang salitang *virus* ay naging politikal lalo na nang mabigkas ito ng Pangulong Duterte sa isang *press conference* ng "veerus." Nanganak ito ng iba't ibang reaksiyon lalo na sa social media at nagsilbing politikal na kritisismo sa porma ng *meme* at iba pang anyo ng panitikan at sining (Dimzon at Barrios 43). Mahalagang maunawaan na may pinaghuhugutan ang mga reaksiyon mula sa mga obhetibong kalagayan ng mamamayan dulot ng mabagal na pagtugon ng pamahalaan sa krisis pangkalusugan at ang mga isyung iniluwal nito tulad ng korupsiyon, kahirapan, at karahasan (Marcelo; Conde; Hapal 234). Ang salitang *lockdown* naman ay lumagpas sa usapin ng pagpigil at paglimita sa kilos ng tao sa ngalan ng seguridad pangkalusugan, dahil nagmistulang instrumento ng pasismo ang naging diwa at praktika nito bunsod ng pamamaraang militaristiko na pangunahing taktikang inilunsad ng pamahalaan sa buong panahon ng pagharap sa krisis. Hindi nakapagtataka kung bakit binansagan ang Pilipinas na "*world's longest lockdown*" at mag-anak ito ng sala-salabat na kontrobersiya dahil sa mga pagkukulang sa epektibong pagtugon sa krisis, at paggamit ng "brutal na puwersang pamamahala" (Thompson 402; Makabenta; Beltran).

Sa kabilang banda, ang saysay at diwa ng mga salitang *gutom*, *kahirapan*, *mask*, at *quarantine* mula sa korpus ng #dagli19 ay maiaangkla sa mga kontrobersiya hinggil sa mga isyu ng korupsiyon sa kasagsagan ng pandemya. Sa kabila ng paglalaan ng malaking pondo sa pamamagitan ng Bayanihan to Heal as One Act para agarang matugunan ang pangangailangan ng mamamayan, hindi ito nagamit nang wasto at naging ugat pa ng korupsiyon. Nasangkot sa ilang anomalya sa paggamit ng bilyon-bilyong pondo na dapat ay napakinabangan ng taumbayan, ang mga ahensiya ng pamahalaan tulad ng Department of Health (DOH), at Philippine Health Insurance Corporation (PhilHealth). Isa sa mga kontrobersiyal na isyu ay ang mga transaksiyon sa pagbili ng *overpriced* na mga *test kit, PPE, facemask* at iba pang kagamitang medikal sa Pharmally Pharmaceuticals Corp.—isang kompanyang pag-aari ng dayuhan na siya umanong nakinabang sa bilyong pisong halaga ng mga kontrata sa pagsuplay ng mga kagamitang medikal. Gayundin ang naging usap-usapang isyu hinggil sa paggamit ng 15 bilyong pisong pondo ng PhilHealth. Bunsod nito, naging pangunahing sentro ng kontrobersiya ang kalihim ng DOH na si Francisco Duque III na siyang itinalaga ng Pangulong Duterte sa binuong Inter-Agency Task Force for the Management of Emerging Infectious Diseases (Baclig; Magsambol; Teehankee 131).

Sa ganitong punto, ang mga salita sa paghuli sa sandali ay hindi lamang payak na likha ng imahinasyon ng mga manunulat ng dagling sinusuri. Produkto ito ng obhetibong kondisyong nakaugat sa mga pambansang isyu at pangkalahatang kontekstong panlipunan na lumilikha ng intensidad ng sandali (Lefebvre 640) sa pang-araw-araw na buhay-lockdown. Ang pagkapartikular sa mga pangkalahatang kontekstong ito ay masisipat sa aktuwalisasyon ng kahulugan ng mga namayaning salita sa korpus ng mga dagling nagtala ng naratibo ng kagutuman, karahasan, kawalang katiyakan, at kontradiksiyon sa uri. Sa kabuuan ng korpus ng #dagli19 masisipat ang pagrereorganisa sa panahon at espasyo na mababakas sa pagbabagong anyo ng kahulugan ng mga susing salita o konsepto na nakaugat sa mga implikasyon ng pandemya sa buhay-lockdown. Hindi rin nakapagtataka kung bakit naging masagana ang ani ng dagli sa social media sa panahon ng lockdown na may mga bitbit na adbokasiyang pansining, pangkultura, pampolitika at panlipunan.

*Sanda(g)li sa Lockdown: Kagutuman at Karahasan*

Matutunghayan sa mga piling dagli ang hindi na bagong usapin ng kagutuman sa bansa na may tiyak na pagpopook sa karanasan sa lockdown na lalong nagpaigting at nagpatindi sa mga dati nang kondisyong panlipunan. Naisilid sa tig-19 na salita ang naratibo ng kagutuman sa panahon ng lockdown. Gamit ang #dagli19, naitampok sa maikling anyo ng pagpapahayag sa social media hindi lamang ang krisis sa pagkain kundi ang iba pang aspektong kaugnay nito. Tunghayan ang dalawang halimbawang dagli na kabilang sa tema ng kagutuman:

> Kalusugan
> "Boost your immune system." Narinig mo sa

balita. Tinungo mo ang talipapa. Hinipo ang
bulsa.
Pribilehiyo ang maging malusog. (Galon)

Last Supper
Naghahapunan ang mga aba ng natirang
noodles at de lata.
Nagsimula ang presscon. Inihain ay sermon.
Nawalan sila ng gana. (Galon)

Sa mga halimbawang dagli na ito, ang pangangalaga sa kalusugan na kailangang-kailangan ngayong pandemya ay isang pribilehiyo. Ang sustansiyang iginigiit ng mga institusyon ay para lamang sa may kakayahang kumonsumo. Etsapuwera sa diwa na ito ang mahihirap na sa isa pang dagli ay nagtitiyaga sa "tirang noodles at de lata" na sa kabila ng realidad ng lockdown ay silang laging sinisisi sa pagkalat ng virus at pinaparatangang walang disiplina. Nagtatagpo naman ang mga sumusunod na dagli sa pag-alpas sa espasyo ng lockdown ang imahen ng magkakapit na "bituka" na hindi bumibitiw sa panawagan hinggil sa isyu ng kagutuman:

Saranggola
Hindi makalabas. Itinali namin ang aming
sikmura gamit ang aming mga bituka.
Pinalipad.
Sigaw ng langit: "GUTOM NA KAMI"
(Galon).

Nagtatakda ng limitasyon ang krisis.
Nililigalig ang ating puso, isip. Ngunit
sinisigurado kong mga bituka natin di
kailanman mapapatid (Alvarez).

Ang naratibo ng kagutuman sa mga nakalap na dagli ay nakaugat sa ekonomikong kalagayan ng bansa sa konteksto ng kasagsagan ng pagdami ng kaso ng Covid-19. Malaki ang naging epekto sa kabuhayan ng mga Pilipino ng pagpapatupad ng lockdown. Ang pangunahing tinamaan ng krisis ay ang mga pangkaraniwang manggagawa at mahihirap sa mga lungsod na umaasa sa arawang kita at kontraktuwal na paggawa (San Juan 4). Sa buwan din ng Abril 2020 naitala ang pinakamataas na *unemployment rate* sa bansa na nasa 17.7 bahagdan ayon sa datos ng Philippine Statistics Authority. Tinatayang nasa 7.3 milyong Pilipino ang walang trabaho sa panahong ito ("Employment Situation"). Bukod sa kalagayan ng mga Pilipino sa bansa, ang mga Overseas Filipino Workers (OFW) sa ibayong dagat ay isa rin sa mga matinding tinamaan ng krisis. May mga ulat ng patuloy na pagdanas ng mga OFW ng iba't ibang anyo ng pang-aabuso sa kabila ng hinaharap na krisis sa pandemya (Begum), at ang kakapusan sa agarang pagbibigay sa kanila ng tulong sa pamamagitan ng mga programa ng pamahalaan (Medenilla).

200 dolyar, ayudang hinihintay mula DOLE.
200 riyals, food assistance mula POLO-
OWWA.
Kabayan, ito ang iyong halaga pati kawalang-
pag-asa. (Alvarez)

'Tang ina, Jeddah Embassy! Kurakot. Pagkain
ipagkakait. Mamatay na kayo!' Bidyong
kumalat online.
Ipinatawag ng awtoridad. Sinampal ang may-
sikmurang-kumakalam. (Alvarez)

Sa kabila ng pondong inilaan ng pamahalaan upang tugunan ang pangangailangang ayuda sa mga OFW, pinatutunayan sa mga halimbawang dagli ang tunay na kalagayan ng ating mga kababayan partikular sa Gitnang Silangan. Ang naratibo ng dagli, na ang isa ay nakaugat sa isang *viral video*, ay artikulasyon ng kondisyon ng OFW na hindi agarang naaabutan ng sapat at makatwirang tulong sa panahon ng krisis.

Sa kabilang banda, hindi lamang virus ang naging banta batay sa mga nakalap na dagling nagpapakita ng tema ng karahasan sa kabila ng pandemya:

Binibilang natin isa-isa…silang biktima ng
Covid, EJK, kahirapan, inhustisya.
Dumilat ka! Saan nga ba ang ngalan mo
nakalista? (Alvarez)

Sa dagli ni Alvarez halimbawa, ipinakita na tila nanormalisa sa pagbibilang o pagkakantidad hindi lamang ang kaso ng Covid-19, kundi maging ang Extra Judicial Killings (EJK), kahirapan at inhustisya. Inilalantad ng dagli ang kondisyong panlipunan at nananawagang tumindig at huwag magbulag-bulagan. Sa kabila ng krisis pangkalusugan ay patuloy na lumala ang inhustisya at karahasan na tila nakakubli sa mga patakaran ng lockdown. Sinasabing sa pagtugon sa krisis sa pandemya, ang Pilipinas ang isa sa may pinakamahigpit at pinakamahabang lockdown sa

mundo na gumamit ng kamay na bakal o sa anyo ng militaristikong paraan. Ang pagtugon ng pamahalaan sa krisis ay naihahalintulad sa pamamaraan na nakabalangkas sa digmaan kontra droga o *war on drugs* ng rehimeng Duterte (Hapal 225; Makabenta). Hindi maikakaila na sa halimbawang dagli ay napag-uugnay ang danas sa Covid at dahas ng war on drugs na nagpapatuloy kahit sa panahon ng pandemya. Sa katunayan, higit pa ngang tumaas ang bilang ng napaslang sa panahong ito. Batay sa ulat ng Human Rights Watch, limampung bahagdan (50%) ang itinaas ng bilang ng napatay ng kapulisan sa pagitan ng buwan ng Abril at Hulyo 2020, kompara sa mga naunang apat na buwan, na sa kabuuan batay sa tala ng Philippine Drug Enforcement Agency (PDEA) ay umabot sa 5,810 katao sa huling bahagi ng Hulyo 2020 (Conde). Isang patunay sa talang ito ang viral video ng pamamaril sa isang retiradong sundalo na si Winston Ragos. Nag-ugat ang pamamaril sa sinasabing hindi pagsunod sa *protocol* ng *checkpoint* ni Ragos na napag-alamang may kondisyon sa pag-iisip. Naitala ang sandaling ito sa magkakaugnay na mga dagli ni Galon.

> Mask
> "Bakit wala kang mask?"
> Bubunot sa bag ang aba. Bago pa niya makuha ang mask. Hindi na siya nakapagsalita.
>
> Trigger-happy
> "May tama po 'yan. H'wag n'yong barilin!"
> "Wala kayong pakialam. Papatayin namin 'yan!"
> Kumasa ang virus
> Bang!
> Bang!
> Tigok!
>
> Walang hinahon
> Sinigaan. Binulyawan. Tinutukan ng baril. Pinadapa. Tumanggi. Binantaan. Naburyo ang sibilyang may kalagayan. Probokasyon nang pagkasa ng berdugong pasista! (Galon)

Sa limitadong salita, lagpas sa paghahabi ng kuwentong nakaugat sa balita at viral video ang binigyang artikulasyon sa mga dagli. Matutunghayan dito ang politikal na katangian ng dagli na nagbibigay ng kritisismo o komentaryo sa paraang maikli. Hindi lamang ang Covid-19 ang pumapaslang sa tao lalo na sa panahon ng lockdown. Ang virus na tinutukoy sa dagli na "walang hinahon" at "trigger-happy" na siyang kumasa ng baril ay ang pulis na may tangan ng kapangyarihan. Ipinakikita nito ang naratibo ng dahas sa panahon ng krisis sa pandemya na ipinapataw ng mga awtoridad sa mamamayan sa ngalan ng lohika ng militaristikong porma ng disiplina.

*Sanda(g)li sa Lockdown: Kawalang Katiyakan at Kontradiksiyon sa Uri*

Matingkad din sa mga dagli ang tema ng kawalang katiyakan na sa isa pang lahok na dagli ay pagkapsula sa mga pangamba sa likod ng katahimikan.

> Araw-gabi kulong sa kuwarto.
> Kanina, umakyat ako sa rooftop. Dumungaw.
> Kasintahimik ng mga ligalig. Parang covid ang nasasaksihang panganib. (Alvarez)

Hindi na tulad ng sa karaniwang araw ang katahimikang inilalarawan dito. Tulad ng Covid, traydor at mapanganib ang katahimikan na nagbabadya ng dahas. Hindi masukat ang panahon ng pagkulong sa kuwarto, kung hanggang kailan ito matatapos. Katahimikan ang tiyak sa ganitong kondisyon na sa kabilang banda naman ay nagbabadya ng higit na panganib. Binabago ng pagdanas sa nililimitahang espasyo ang sensibilidad at pagdamdam ng tao. Samakatwid, binabago tayo ng kondisyon ng kawalang katiyakan. Sa mga susunod na dagli, nagsasara tulad ng pintong inila-lock ang puso at nagsilbing metapora ng kawalang katiyakan ang lockdown na lumilikha ng mga pangamba at takot.

> Lockdown
> Sa araw-araw na paglumlom mo sa loob ng iyong tahanan, hindi mo namalayang pati ang puso mo ay nagsara. (Galon)
>
> Nagkapagpadala na ako ng pera kay Mama sa Pinas. Ngunit parang lockdown itong mga pangamba. Magdamag akong di pinahihimbing. (Alvarez)

Hindi natin masukat ang haba o tagal ng mga sandali ng lockdown, o ang hinaharap ng pang-araw-

araw na buhay. Lalo nitong sinusubok ang buhay at kabuhayan. Sa sumusunod na halimbawang dagli naman mababakas ang pag-aasam na matapos na ang lockdown nang sa gayon ay matugunan ang pangangailangan.

> Pag-asa
> Juan: "Umaasa ako na sana ma-lift na ang lockdown."
> Pedro: "Kung travel ban nga delayed, ano pang aasahan natin?" (Galon)

> "Kelan po bubuksan ang saradong pintuan?"
> Ani utoy sa amang nag-iisip kumpano maghahapunan
> Gayong nakakandado ang traysikel sa bakuran. (Junior)

Ang isyu ng kawalang katiyakan sa kabuhayan sa panahon ng lockdown ay isa rin sa mga pangunahing naitampok na tema sa mga dagling nakalap. Isang halimbawa rito ang panganib na pinagmumunihan ng mag-amang tauhan sa dagli ni Sir Oscar Junior. Kasamang na-lockdown ang kabuhayan ng mga pangkaraniwang mamamayan na sa akda ay tila hindi pa malinaw ang hangganan. Ang pagtatanong kung kailan bubuksan ang pintuan ay pagpapakita ng kawalang katiyakan sa hangganan ng nararanasang krisis. Nakaugnay rin ito sa dagli ni Galon na nagpapakita ng maikling diyalogo nina Juan at Pedro na umaasang matapos na ang lockdown subalit kawalang katiyakan ang malinaw na natatanaw. Isa sa mga higit na naapektuhan ng lockdown ang mga pumapasadang drayber na umaasa sa pang-araw-araw na kita. Ang kawalang katiyakan sa kontekstong ito ay mauugat sa sinasabing mabagal na pagtugon sa krisis ng pamahalaan. Isa sa naging isyu sa panahong ito ang mabagal na pamamahagi ng ayuda at kakapusan sa mabilis na pamamaraan ng pamahalaan na tugunan ang krisis sa kabila ng malaking pondong inilaan at mga donasyong natanggap mula sa iba't ibang institusyon at bansa ("7th Week of Lockdown"*;* Beltran).

Inilantad din sa mga dagli ang lalong paglaki ng puwang at pag-igting ng kontradiksiyon sa mga uring panlipunan. Naging karaniwang naratibo sa social media ang panawagang manatili sa tahanan at huwag na huwag lalabas ng bahay. Subalit hindi magkakapareho ang kondisyon ng kabuhayan lalo na ang uring pinagmumulan ng mga nagra-rant at inira-rant sa *Facebook*. Nagkakaisa ang mga piling dagli sa pag-alingawngaw at pag-alingasaw ng naging karaniwang himig at simoy sa social media na manatili sa bahay habang silang nagngangawngaw at nagpapaalingasaw ay komportable sa pribilehiyo ng buhay upang ipagpatuloy ang burgis na diwa ng konsumerismo sa kabila ng pagbaon lalo sa kahirapan ng uring anakpawis. Isang halimbawa ng ganitong naratibo ang mga sumusunod na dagli:

> Umaalingasaw parang alcohol ang inyong reklamo't pagkabagot sa
> isang buwang quarantine. Mapalad kayong hindi amoy-punerarya sa
> de-aircon ninyong apartment. (Alvarez)

> Kape
> "Just fucking stay at home!" galit na ngawngaw ni MC sa social media
> habang hinihigop ang kape galing Starbucks. (Galon)

> Lason
> Tinadtad ang speech ng gaslighting. Binaliktad ang retorika. Nagpaawa. Nanakot. Nanghawa.
> At para maabsuelto sa kapabayaan, inakusahan ang taumbayan. (Galon)

> Hindi nalilinis ng sanitizer ang pagka-matapobre. Parang isang mapandustang liham ni Propesor. Virus ang pinupuksa. Hindi ang mga dukha. (Alvarez)

Ang ganitong krisis sa pandemya ay naglantad at lalong nagpaigting sa mga kontradiksiyon sa pagitan ng mga uring panlipunan sa iba't ibang panig ng mundo (De Cauwer & Christiaens 119). Sa ganitong kalagayan mababakas ang mga argumento hinggil sa pagtrato sa panahon ng pandemya sa pangkaraniwang mamamayan lalo na ang mga pinakabulnerableng sektor bilang "pasaway." Sa konteksto ng pandemya, ang konsepto ng "pasaway" ay laging ginagamit na pang-uri para sa mga hindi tumutupad sa mga polisiya ng lockdown at quarantine na madalas ay tinutukoy ang mahihirap na mamamayan na walang ibang ahensiya para matugunan ang kanilang pangangailangan (Hapal 236; Thompson 409). Tulad ng ipinakikita sa mga halimbawang dagli, ang kondisyon sa lockdown ay

isang pribilehiyo at hindi nakatutugon o naaabot ang pangangailangan ng higit na nakararaming nasa laylayan ng lipunan (Pleyers 4).

*Politika ng Sandali sa Facebook*

Naipakita ang malikhaing pagtransporma sa pang-araw-araw na buhay o iyong tinatawag ni Lefebvre na everyday life na matutunghayan sa paglalatag o paglalantad sa mga posibilidad gamit ang sandali na nagmateryalisa at nabigyang signipikasyon sa anyo ng #dagli19. Naging pagkakataon ang dagli upang maitala ang mga sandali ng krisis na naglantad sa sanga-sangang isyung panlipunan at mabigyang kritisismo ito sa espasyo ng social media sa anyong maikli. Nakabatay ang mga dagli sa pangyayaring panlipunan na naranasan sa panahon ng lockdown at sa mga aktuwal na kuwentong nagmumula sa balita at sa mismong social media. Pinatutunayan nito ang temporal na katangian ng dagli na ayon kay Rolando Tolentino ay nangangahulugang pabago-bago o panandalian dahil nakabatay sa mga maiinit na isyu o balita (*Dagling Tagalog* 41). Sa kabilang banda, hindi rin naman ito maituturing na payak na *instant* (na madalas na pagtingin sa anyo ng dagli bilang *instant* na kuwento). Binibigyang linaw sa teorya ng sandali ni Lefebvre, na hindi iisa ang diwa ng sandali at *instant*, o hindi payak na *instant* ang sandali, dahil ang pagsasandali ay pagbabalik at muling paglikha sa partikular na alaala o *memory*, na hindi basta napapawi sa kamalayan (639).

Sa kabilang banda, ang ekonomiya ng salita ang nagtatakda ng anyo, tagal at nilalaman ng sandali na nakaugat sa pang-araw-araw na buhay-lockdown Nakaugat ito sa lohika ng social media at teknolohiyang hinihingi ang pangangailangan sa kagyat at mabilisang pagkilos. Ang kaiklian at pagpili ng salita ay hindi lamang payak na pagtitipid sa espasyo at pag-apuhap sa panahon, kundi pagsasandali sa posibilidad ng artikulasyon ng indibidwal at panlipunang danas. Politikal ang sandali at nagsisilbing kritika sa namamayaning dahas na dulot hindi lamang ng pandemya kundi maging ng kakulangan ng pamahalaan.

Sa kabilang banda, malinaw na may tradisyong pinag-uugatan din ang dagli sa kasaysayang pampanitikan ng Pilipinas na namayagpag sa espasyo ng mga popular na pahayagan sa bungad na mga dekada ng pananakop ng kolonyalismong US sa bansa. Ang pagkakagyat ng anyong dagli ay nasa pagkapartikular ng naratibo. Tangan pa rin ng mga sinuri ang tradisyong pinagmumulan ng dagli na politikal na komentaryo sa kalagayan ng bayan, iba nga lang ang naging daluyan sa kasalukuyan—ang social media. Ang naratibo ng lockdown sa #dagli19 ay lumagpas sa primaryang motibo sa paglikha ng mga akda na nasa konteksto ng patimpalak-adbokasiya ng Foundation Awit at *Rappler*. Naging sityo ang *Facebook* sa pamamagitan ng #dagli19, ng politikal na kritisismo sa mga partikular na kondisyon sa pamamagitan ng kritika ng sandali. Sa ganitong paglalatag ng pagtatangka sa pagdalumat, binibigyang diin na ang anyo ng panitikan na dagli ay aktuwalisasyon at kongkretisasyon ng sandali, na maaaring mauri sa dalawa—politikal na sandali at radikal na sandali. Sa kaso ng mga sinuri, higit na mababakas sa mga ito ang politikal na sandali na nagtangkang magamit ang digital na espasyo tungo sa kritikal na pakikisangkot sa usaping panlipunan at pambansa sa pamamagitan ng maikling-maikling anyo ng panitikan na dagli. At dahil may makabayan at radikal na tradisyong pinag-uugatan ang dagli, malaki ang puwang sa mga dagli para sa transpormasyon nito patungo sa radikal na sandali.

## Kongklusyon: Tungo sa Posibilidad ng Radikal na Sandali sa Social Media

Sa isang sanaysay ng manunulat at rebolusyonarya na si Kerima Lorena Tariman (1979–2021) na pinamagatang "#RevolutionGo: Tungo sa Makabayang Panitikan sa Panahon ng Facebook, Twitter at Instagram," binigyang diin niya ang mga kontradiksiyon sa espasyo ng bagong midya na aniya: "Sa sarili nating mga sirkulo, o sa mga tambayan at luklukan ng mga Pilipino sa internet at social media, hindi naman maikakaila ang dominasyon ng mga ideya na nagpapanatili at nagpapalakas sa bulok na kulturang burges, kolonyal at pyudal. Ang internet at social media ay larangan din ng tunggalian" (355). Ang ganitong punto ay nagbubukas ng puwang at hamon tungo sa radikal na direksiyon ng umiiral na mga kontradiksiyon sa loob ng espasyo ng social media. Mainam na lumikha at maggiit ng kontra-diskurso sa namamayaning kulturang burges, kolonyal, at piyudal sa espasyong ito. Malaki ang puwang para sa mga posibilidad ng pagsusulong ng mga adbokasiya at maging ng radikal na direksiyon sa social media kahit pa sinasabi rin ng ilang kritiko ang limitasyon

nito na mag-aktuwalisa ng pagkilos labas sa birtuwal na espasyo. Ang sinuring mga dagli ay nagmula sa patimpalak subalit naging paraan ito upang maitala ang indibidwal at panlipunang danas sa lockdown at mga kakawing nitong isyung panlipunan na lumikha ng sandali ng kamalayang kritikal. Malawak ang naaabot ng panitikan sa espasyo ng social media, subalit sa kabilang banda, kung higit na ipipihit ang direksiyon mula politikal patungo sa radikal na sandali para sa mga posibilidad, mainam balikan ang pag-uugat ni Rolando Tolentino kay Gat Andres Bonifacio bilang umano'y kumatha ng rebolusyonaryong sandali. Aniya,

> Ang rebolusyonaryong sandali sa panitikan ay ang pagpanig sa lagay ng inaapi, at posibilidad ng kanilang paglaya sa mga kondisyon ng kaapihan—na sa kalakaran ng pagbabago ay nagpapanatili at nagpapaigting ng katangiang "dangal" sa taumbayan. May dangal ang taumbayan kapag ang pag-ibig nito ay lampas sa sarili, kumikilos at handang ialay sa pagpapalaya ng kolektibo at ng bayan. ("Bonifacio at ang Imahinasyon" 23)

Samakatwid, ang posibilidad sa sandali ay hindi lamang hinggil sa ekonomiya ng salita, o sa politika ng pagbawi sa panlipunang espasyo (*online* o *offline*). Higit sa lahat, maaaring ito ay paglalatag din ng mga alternatibo na magbibigay ng dangal sa taumbayan. Sa kasalukuyang pag-abante ng bagong midya at mga kaugnay na midyum, esensiyal ang paghuhugpungan ng danas sa birtuwal at di-birtuwal na espasyo upang higit na makalikha ng mga siwang ng lagusan para sa hinahangad na mainam na bukas. At sa kaso ng #dagli19, kalakhan sa mga nasaklaw na dagli ay may katangiang politikal at may puwang sa higit na radikal na pagsasandali. Matalas ang kritisismong panlipunan sa mga akda na nagtanghal sa naratibo ng lockdown na tiyak na nakatuon sa mga isyu ng kagutuman, karahasan, kawalang katiyakan, at kontradiksiyon sa uri. Sa mga isyung ito nabigyang artikulasyon ang kongkretong kalagayan ng taumbayan sa panahon ng pandemya. Isa rin ang malinaw sa ganitong pagdalumat—na nararapat na pumapanig sa inaapi, at naghahangad ng paglaya ang akda tungo sa radikal na sandali. Sa kabuuan ay nararapat na tumutugon ito sa tanong na para kaninong sandali ang kinakatha, at napaiigting ang makauring paninindigan.

Sa ganitong punto, hinggil sa kapasidad ng social media bilang sityo ng politikal na aksiyon, maaaring balikan ang karanasan sa sandali ng Million People March noong Agosto 2013 na nilahukan ng ilang libong katao na nag-ugat sa panawagan sa social media tungo sa pagkondena sa isyu ng korupsiyon partikular na ang isyu ng *pork barrel* sa pamahalaan. Malaki ang ginampanan ng social media sa pagmobilisa sa nabanggit na historikal na sandali. Subalit tulad ng iginigiit ni Rolando Tolentino, ang kalagayan ng kaapihan sa nasabing pagkilos ay hindi higit na napag-usapan. Ang isyu ng korupsiyon ay hindi naiugnay sa mga sanga-sangang kongkretong kalagayan ng bayan na nakaugat sa kasaysayan ng malakolonyal at malapiyudal na sistemang panlipunan ("Bonifacio at ang Imahinasyon" 27). Sa kabilang banda, kung ipopook ito sa panahon ng pandemikong lockdown at ihuhugpong sa diwa ng dagli, pinakamainam ihalimbawa ang inilunsad na kagyat na pagkilos sa lansangan ng EDSA ng mga maralitang tagalungsod ng Sityo San Roque ng Lungsod Quezon noong maagang bahagi ng lockdown. Sa kasong ito, hindi man libong katao, ang politikal na sandali ay organikong pagkilos na pinangunahan ng mga uring marhinalisado sa hangaring kagyat na mapakinggan ang mga panawagan para sa isang makatao at makatwirang tugon ng pamahalaan sa krisis, na ang isa sa pangunahing matinding tinamaan ay silang mga maralitang tagalungsod. Bagama't ang iglap na rally ay hindi nasa anyo ng limbag na teksto, maaaring tingnan itong mala-dagling akto bilang isang pagsasabuhay sa katangiang kagyat, temporal, at politikal ng anyong dagli. Maituturing ito na iglap na texto ng pagtatanghal sa entablado ng lansangan para lumikha ng kontra-sandali (*counter moment*) sa namamayaning mapang-aping kaayusan. At tulad ng naging karaniwang kalakaran ng opresibong rehimen, kagyat din ang marahas na tugon ng represibong aparato ng estado sa makatwirang pagkilos na ito. Ang kaganapang ito ang magsisilbing panimulang hudyat ng mga pagkilos sa panahon ng lockdown para sa ilulunsad pang mas malawakang panawagan na nag-uugat sa mga militaristikong tugon ng pamahalaan, isyu ng Anti-Terror Law at atake sa malayang pamamahayag partikular ang pagpapasara sa estasyon ng ABS-CBN. Ang saysay ng social media sa pagpapalaganap ng impormasyon at popularisasyon ng mga panawagan sa porma ng pagpapa-trending sa *Facebook* at *Twitter*, ang muling naging susi para mamobilisa ang mamamayan at mailunsad ang maituturing na unang malakihang pagkilos mula nang sinimulan ang lockdown. Tinawag itong Mañanita

Grand Protest Rally na idinaos sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman noong Hunyo 12, 2020 sa Araw ng Kalayaan. Ang "Mañanita" ay protesta rin sa pag-abuso sa kapangyarihan at pribilehiyo partikular sa Hepe ng kapulisan na si Hen. Debold Sinas na nagwalang bahala sa protokol ng pandemya sa ngalan ng pagdiriwang ng kaniyang kaarawan na tinawag niyang simpleng "mañanita." Sa pagkakataong ito, ang politikal na sandali na kumalat sa social media ay higit na naidurugtong sa mga kongkretong kalagayan ng bayan at lumilikha ng mga makatwirang panawagan para sa pagbabago.

Sa kabuuan, ang posibilidad na maabot ang radikal na sandali sa panitikan at social media ay hindi lamang nakaangkla sa paglinang ng kamalayang mapagpalaya, kundi higit ay sa sabayan at magkakaugnay na pagkilos sa birtuwal at di-birtuwal na espasyo tungo sa adhikain ng transpormasyong panlipunang pangunahing nagsisilbi, pumapanig, at pinangungunahan ng uring marhinalisado. May iba't ibang direksiyong maaaring pagmulan at tunguhin ang mga sandali—politikal man o radikal. At sa ganitong punto maaaring magtagpo ang politika ng dagli at ng sandali sa panahon ng krisis.

## SANGGUNIAN


Abadilla, Alejandro G. et al. *Ang Maikling Kathang Tagalog*. Manila: Silangan Publishing House, 1954. Print.

Acuña, Tilde. "Rebyu ng "Anti-IATField" at iba pang Dagling Rebyu." *Dx Machina 1: Philippine Literature in the Time of COVID-19*, 14: 2 (2020): 106–121. Web. 24 May 2023.

Aguirre, Alwin at Nonon Carandang, ed. *Dadaanin*. Manila: Anvil Publishing, 2011. Print.

Almario, Virgilio. *Ang Maikling Kuwento sa Filipinas: 1896-1949: Kasaysayan at Antolohiya*. Manila: Anvil Publishing, 2012. Print.

Aloc, Daniel. "The Silly Question of 'Ambag'." *Inquirer.net*, 28 April 2020. Web. 24 March 2023.

Alvarez, Jack. *Ang Autobiografia ng Ibang Lady Gaga*. Self-published, 2012. Print.

---. "200 dolyar, ayudang hinihintay mula DOLE. 200 riyals, food assistance mula POLO-OWWA…" *Facebook*, 9 April 2020. Web. www.facebook.com/iamstefanijalvarez/posts/10221968418100505. 18 March 2021.

---. "Binibilang natin isa-isa...silang biktima ng Covid, EJK, kahirapan, inhustisya…" *Facebook*, 8 April 2020. Web. www.facebook.com/iamstefanijalvarez/posts/10221951605320196. 18 March 2021.

---. "Hindi nalilinis ng sanitizer ang pagka-matapobre. Parang isang mapandustang liham…" *Facebook*, 19 April 2020. Web. www.facebook.com/iamstefanijalvarez/posts/10222090577554415. 18 March 2021.

---. "Nagkapagpadala na ako ng pera kay Mama sa Pinas. Ngunit parang lockdown itong mga pangamba…" *Facebook*, 8 April 2020. Web. www.facebook.com/iamstefanijalvarez/posts/10221940796569984. 18 March 2021.

---. "Nagtatakda ng limitasyon ang krisis. Nililigalig ang ating puso, isip…" *Facebook*, 19 April 2020. Web. www.facebook.com/iamstefanijalvarez/posts/10222084034070832. 18 March 2021.

---. "Pinuno ko ang ref. Imbak ng pangkonsumo, atbp. Nabasa ko sa balita…" *Facebook*, 14 April 2020. Web. www.facebook.com/iamstefanijalvarez/posts/10222029802675081. 18 March 2021.

---. "'Tang ina, Jeddah Embassy! Kurakot. Pagkain ipagkakait. Mamatay na kayo…" *Facebook*, 8 April 2020. Web. www.facebook.com/iamstefanijalvarez/posts/10221956585604700. 18 March 2021.

---. "Umaalingasaw parang alkohol ang inyong reklamo't pagkabagot sa isang buwang quarantine…" *Facebook*, 19 April 2020. Web. www.facebook.com/iamstefanijalvarez/posts/10222090569754220. 18 March 2021.

Andrada, Mykel. "Introduksiyon: Balang Araw." In M. Andrada, J.C. Lubag and M. Balili (Eds.), *Balaraw: Mga Tula at Dagli sa Panahon ng Pandemya* (2021): xi–xii. Quezon City: Sentro ng Wikang Filipino UP Diliman. Web. 24 May 2023.

---. "Publikasyong Iglap." *Tapuzine: Publikasyong Iglap ng mga Akda at Sining Laban sa Oil Price Hike*. Quezon City: Surian ng Sining, Inc., 2020, vi–vii. Web. 24 May 2023.

Angeles, Mark. *Ang Huling Emotero*. Quezon City: UP Press, 2021. Print.

---. *Emotero*. Independent Publication, 2011. Print.

Ang Mga Beerus. "Kamusta ang Ayuda, mga ka-Beerus? Kung gusto mong makuha ang kabuoan ng relief..." Facebook, 12 April 2020. Web. www.facebook.com/AngMgaBeerus/posts/pfbid0nnvkybMXuQXyBvEZdTPvvEcBsjEc6 3iLsUi8tpfaMynu98JAanHv66CYYFtgfeAMl. 24 May 2023.

Atalia, Eros S. *Peksman (Mamatay ka man) Nagsisinungaling Ako (at iba pang Kuwentong Kasinungalingan na di pa Dapat Paniwalaan)*. Pasay City: Visprint Inc, 2007. Print.

---. *Wag lang di Makaraos 100 Dagli: Mga Kuwentong Pasaway, Paaway at Pamatay*. Pasay City: Visprint Inc, 2011. Print.

---, *Taguan-Pung (at Manwal ng mga Napapagal)*. Manila: University of Santo Tomas Publishing, 2006. Print.

Baclig, Cristina Eloisa. "2021: Pharmally Scandal Rubs Salt on Pandemic Wounds | Inquirer News." *Inquirer.net*, 27 December 2021. Web. 24 March 2023.

Balde, Abdon M. *100 Kislap*. Manila: Anvil Publishing, 2011. Print.

---. "19 Kislap sa Panahon ng Covid-19." *Dx Machina 2: Philippine Literature in the Time of COVID-19,* 14.3 (2020): 133–148. Web. 24 May 2023.

Barrios, John. "5 Pananglet at 11 Pataasan sa Panahon ng Veerus." *Dx Machina 2: Philippine Literature in the Time of COVID-19,* 14.3 (2020): 121–132. Web. 24 May 2023.

Begum, Rothna. "Domestic Workers in Middle East Risk Abuse Amid Covid19 Crisis." *Human Rights Watch*, 6 April 2020. Web. 5 June 2020.

Beltran, Michael. "'The Philippines' Pandemic Response: A Tragedy of Errors." *The Diplomat*, 12 May 2020. Web. 24 May 2023.

Conde, Carlos. "Killings in Philippines up 50 Percent During Pandemic." *Human Rights Watch,* 8 September 2020. Web. 6 September 2021.

DAMLAY PUP Sta. Mesa. "Gamitin Ang Panulat Bilang Pagpupugay Sa Mga Guro Ng Bayan!" *Facebook*, 19 September 2020. Web. www.facebook.com/DamlayPupStaMesa/posts/pfbid0LBThoHgjFv7dHdFMuB4uuhkKi9STTf9rGN1ADhsP2mA6cphmBbNW5iBRygqUNh2ml. 24 May 2023.

De Cauwer, Stijn at Tim Christiaens. "The Multitude Divided: Biopolitical Production During the Coronavirus Pandemic." In Y. Madra et al. (Ed.), *Pandemic and the Crisis of Capitalism*. Ed. Brighton: ReMarx Books, 2020, 118–127. Print.

Dimzon, Eliodora, and John Barrios. "Pinusong sa Panahon ng 'Veerus': Ang Tula sa Internet bilang Kontra-Pusong." *Katipunan*, 6 (2020): 41–59. Web. 24 May 2023.

Duque, Reynaldo A. *Gabay sa Pagsulat ng Maikling Kuwento*. Manila: Dandelion Strategic Marketing, 2004. Print.

"Employment Situation in April 2020." *Philippine Statistics Authority*, 5 June 2020. Web. 28 October 2021.

Evasco, Eugene at Will Ortiz. *Palihan: Hikayat sa Panitikan at Malikhaing Pagsulat*. Quezon City: C & E Publishing, 2008. Print.

Galon, Glen. "KALUSUGAN "Boost your immune system." Narinig mo sa balita…" *Facebook*, 12 April 2020. Web. www.facebook.com/glennnyyyy/posts/1562401217268740. 18 March 2021.

---. "KAPE. "Just fucking stay at home!" Galit na ngawngaw ni MC sa social media…" *Facebook*, 13 April 2020. Web. www.facebook.com/glennnyyyy/posts/1563833970458798. 18 March 2021.

---. "LASON. Tinadtad ang speech ng gaslighting. Binaliktad ang retorika…" *Facebook*, 17 April 2020. Web. www.facebook.com/glennnyyyy/posts/1567595096749352. 18 March 2021.

---. "LAST SUPPER. Naghahapunan ang mga aba ng natirang noodles at de lata…" *Facebook*, 14 April 2020. Web. www.facebook.com/glennnyyyy/posts/1563935920448603. 18 March 2021.

---. "LOCKDOWN. Sa araw-araw na paglumlom mo sa loob ng iyong tahanan…" *Facebook*, 16 April 2020. Web. www.facebook.com/glennnyyyy/posts/1566550326853829. 18 March 2021.

---. "MASK. "Bakit wala kang mask?" Bubunot sa bag ang aba…" *Facebook*, 24 April 2020. Web. www.facebook.com/glennnyyyy/posts/1574046839437511. 18 March 2021.

---. "PAG-ASA. Juan: "Umaasa ako na sana ma-lift na ang lockdown…" *Facebook*, 16 April 2020. Web. www.facebook.com/glennnyyyy/posts/1566700823505446. 18 March 2021.

---. "SARANGGOLA. Hindi makalabas. Itinali namin ang aming sikmura gamit ang aming mga bituka…" *Facebook*, 16 April 2020. Web. www.facebook.com/glennnyyyy/posts/1566546223520906. 18 March 2021.

---. "TRIGGER-HAPPY. "May tama po 'yan. H'wag n'yong barilin! "Wala kayong pakialam…" *Facebook*, 23 April 2020. Web. www.facebook.com/glennnyyyy/posts/1573082789533916. 18 March 2021.

---. "WALANG HINAHON. Sinigaan. Binulyawan. Tinutukan ng baril. Pinadapa…" *Facebook*, 24 April 2020. Web. www.facebook.com/glennnyyyy/posts/1573177779524417. 18 March 2021.

Groyon, Vicente G, ed. *Mga Kuwentong Paspasan*. Philippines: Milflores Publishing Inc, 2007. Print.

Guillermo, Gelacio. *Muog: Ang Naratibo ng Kanayunan sa Matagalang Digmang Bayan sa Pilipinas*. Quezon City: UP Press, 1998. Print.

Halvorsen, Sam. "Taking Space: Moment of Rupture and Everyday Life in Occupy London." *Antipode,* (2014): 1-17. Web. 28 October 2021.

Hapal, Karl. "The Philippines' COVID-19 Response: Securitising the Pandemic and Disciplining the Pasaway." *Journal of Current Southeast Asian Affairs,* 40.2. (2021): 224–244. Web. 28 Okt. 2021.

Junior, SirOscar. "Kelan po bubuksan ang saradong pintuan?" ani utoy sa amang nag-iisip…" *Facebook*, 23 April 2020. Web. www.facebook.com/oscar.duma/posts/10207585786560082. 18 March 2021.

Kasingkasing Press. "Hiligaynon, Kinaray-a & Aklanon Flash Fiction Competition 2020." Facebook, 26 January 2020. Web. www.facebook.com/KasingkasingPress/posts/3CvHXBoUuUTfaqQQmYU5wyvoE4FFUyAxSc4rZ8uKjtjCqJu5evNl. 24 May 2023.

KATAGA. "Nais Naming Ibahagi Ang Kauna-unahang Ezine Ng Kataga-Online. &qout;Sa Panahong Nanliligalig Ang Pandemya, Nanganganib Tayong Laha..." *Facebook*, 14 May 2020. Web. www.facebook.com/kataga.official/posts/7RqFk1gmcTDdBANaNfBPpXT3buPasTmKkcDhsW44wiwghB5qcptZW5vYUbMl. 24 May 2023.

Lefebvre, Henri. *Critique of Everyday Life* (The One Volume Edition). London, United Kingdom: Verso, 2014. Print.

Likhaan: University of the Philippines Institute of Creative Writing. "Panawagan Para Sa Mga Akda: Dx Machina: Philippine Literature in the Time of COVID-19." *Facebook*, 8 August 2020. Web. www.facebook.com/upicw/posts/03hz4FZM7zDWHwcmdJGsNXB7gJiQMuH6p6D16AqV8e6JVXMUWemXib7545MnbMz82l?_rdc=1&_rdr. 24 May 2023.

Magsambol, Bonz. "DOH's Poor Use of P67 Billion COVID-19 Funds Led to 'Missed Opportunities' – Auditors." *Rappler*, 11 August 2021. Web. 24 May 2023.

Makabenta, Yen. "The World's Longest Lockdown, Oddest Task Force Vs COVID-19. *The Manila Times*, 21 May 2020. Web. 6 September 2021

Malasig, Jeline. "Ano Ambag Mo?': Duterte Lashes Out at Critics of Gov't Measures Vs COVID-19." *Interaksyon*, 17 May 2020. Web. 24 May 2023.

Manahan, Job. "P5.58 Billion Funds for Displaced Drivers due to COVID-19 Pandemic yet to be Spent." *ABS-CBN News*, 17 November 2020. Web. 17 January 2022.

Marcelo, Elizabeth. "Corruption Exacerbates Impact of COVID-19 – Experts." *Philstar.com*, 4 December 2021. Web. 24 May 2023.

Medenilla, Samuel. "DOLE Lists More than 200,000 OFWs for AKAP Cash Assistance Program." *Business Mirror,* 23 April 2020. Web. 5 June 2021.

Montañez, Kris. *The New Mass Art and Literature and Other Related Essays* (1974-1987). Quezon City: Kalikasan Press, 1988. Print.

Nadera, Vim. "Paanyayang Magsulat ng COVID-19—Coronavirus Dagli." *Rappler*, 4 April 2020. Web. 5 June 2021.

Office of the President of the Philippines. "Memorandum from the Executive Secretary." *Official Gazette*, 7 April 2020. Web. 5 June. 2021.

"On 7th Week Of Lockdown: 10M Worker and Informal Earner Households Still Waiting for Emergency Subsidies." *Ibon Foundation*, 28 April 2020. Web. 17 January 2022.

Paterno, Elfrey V. "Paggigiit." *Agos: Refereed Journal ng Malikhaing Akdang Pampanitikan*, 1. (2020): viii–ix. Web. 24 May 2023.

Pleyers, Geoffrey. "The Pandemic is a Battlefield: Social Movements in the COVID19 Lockdown." *Journal of Civil Society*, 16.4. (2020): 295–312. Web. 28 October 2021.

Quibilan, Zosimo Jr. *Pagluwas*. Quezon City: University of the Philippines Press, 2006. Print.

Rodas, Marco Antonio. "Paunang Salita mula sa mga Editor." In S. Alvarez et al. (Eds.), *Hindi ito ang Panahon para Mamayapa at iba pang Akda,* (2020). Kataga, Samahan ng mga Manunulat sa Pilipinas, Inc., Web. 24 May 2023.

Rodriguez, Rommel. "Panawagan para sa Kontribusyon." *Facebook*, 22 March 2020. Web. www.facebook.com/omeng.rodriguez.7/posts/1RMZEhoHpgTsNnFgYvHFAATr1cf6VgaTKJcpND6EVEo99oxgl. 24 May 2023.

San Juan, David Michael. "Responding to COVID-19 Through Socialist(ic) Measures: A Prelimenary Review." *SSRN*, 23. (2020): 1–21. Web. 10 January 2022.

Savage Mind: Arts, Books, Cinema. "Join the Takatak Short Story Writing Contest in Bikol Languages! MECHANICS." *Facebook*, 9 March 2020. Web. www.facebook.com/SavageMindBikol/posts/677554013050248. 24 May 2023.

Sentro ng Wikang Filipino - UP Diliman. "SAHAYA: TIMPALAK PAMPANITIKAN (STP) 2021 PAGSULAT NG TULA AT DAGLI." *Facebook*, 22 July 2021. Web. www.facebook.com/swfupdiliman/posts/0uj9Zr23V69k2bmNBpGHAuU4kgZ8NDVNfoAY6L3FAsM5zP5exfpm3My3jZzJDQQD3l. 24 May 2023.

Siy, Beverly W. *COVIDagli*. Bacoor, Cavite: Isang Balangay Media Productions, 2021. Web. www.balangaybooks.com/covidagli-1. 24 May 2023.

*Sobrang Short Stories*, sobrangshortstoriesdotcom.wordpress.com/. Web. 25 May 2023.

---. "CALL FOR SUBMISSION." *Facebook*, 9 October 2021. Web. www.facebook.com/photo/?fbid=6227552163982413&set=pb.100067910507589.-2207520000. 25 May 2023.

Statista Research Department. "APAC 2020 Daily Time Spent Using Social Media by Country." *Statista*, 27 May 2021. Web. 28 October 2021.

Sulat Sox. "Gabay Sa Pagsulat Ng Maikling Maikling Kuwento Ni Jude Ortega Sa Pagpili Ng Top 15 Sa Silap: Sulat SOX Flash Fiction Writing Contest 2020, Wika Ang Una at Huli Kong Tiningnan..." *Facebook*, 5 November 2020. Web. www.facebook.com/SulatSOX/posts/0P3gV3AEKGnuQzRMBojucYMEnnrdsU8cfL7cQBZs7ssRgwCToD45vb263ixc2uoidl?_rdc=1&_rdr. 25 May 2023.

Tariman-Acosta, Kerima Lorena. "#RevolutionGo: Tungo sa Makabayang Panitikan sa Panahon ng Facebook, Twitter at Instagram." In R. Tolentino, V. Gonzales and L.M. Castillo (Eds.), *Hindi Nangyari Dahil Wala sa Social Media: Interogasyon ng Kulturang New Media sa Pilipinas*. Quezon City, Ateneo de Manila University Press, 2021, 348–358. Print.

Teehankee, Julio C. "The Philippines in 2020: COVID-19 Pandemic Threatens Duterte's Populist Legacy." *Asian Survey*, 61.1 (2021): 130–37. Web. 24 May 2023.

Tiongson, Nicanor. "Mga Ugat ng Maikling Kuwentong Tagalog: 1902–1914." *Bagong Kultura*, September-October. (1974): 25–35. Print.

Thompson, Mark C. "Brute Force Governance: Public Approval Despite Policy Failure During the COVID-19 Pandemic in the Philippines." *Journal of Current Southeast Asian Affairs*, 41.3 (2022): 399–421. Web. 24 May 2023.

Tolentino, Rolando. "Bonifacio at ang Imahinasyon ng Rebolusyonaryong Sandali." In B. Lumbera et al., *Salita ng Sandata: Bonifacio's Legacies to the People's Struggle*. Quezon City: IBON Foundation, 2013, 23–26. Print.

---., at Aristotle Atienza. (eds.). *Ang Dagling Tagalog (1903–1936)*, Quezon City, Ateneo de Manila University, 2007. Print.

---. "Introduksiyon/Introduction: Writing and Other Creative Processes are Essentials in the Pandemic." *Dx Machina 2: Philippine Literature in the Time of COVID-19*, 14.3. (2020): vii–xii. Web. 24 May 2023.

---. "RTDAGLI: Maiklingmaikling Kwentong SMS at Tweets." *Unitas Journal*, 89.1. (2017): 114–124. Web. 12 March 2019.

---. *Sakit ng kalingkingan: 100 Dagli sa Edad ng Krisis*. Quezon City: University of the Philippines Press, 2005. Print.

Torres-Yu, Rosario. *Alinagnag: Sanaysay ng mga Panlipunang Panunuri sa Panitikan*. Manila: University of Santo Tomas Publishing House, 2011. Print.

"Tula sa Pandemya: Mga Nagwaging COVIDiona, COVIDagli, COVIDalit." *Rappler,* 8 August 2020. Web. 5 June 2021.

World Health Organization. "Coronavirus Disease (COVID-19) Situation Report 12 Philippines." 30 March 2020. Web. 5 June 2021.